ARAL PROGRAM


# TUTOR'S GUIDE

## FILIPINO

KEY STAGE 1



Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI




**ARAL-Reading Tutor's Guide**
**Key Stage 1**

This material is solely for tutors' use in the Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program. It is designed to support the delivery of curriculum content, standards, and lesson objectives.

Any unauthorized reproduction, distribution, modification, or utilization of this material without written permission from the Department of Education may result in appropriate legal action and disciplinary measures.

Fair Use Notice: Certain copyrighted materials included in this resource are used solely for educational purposes in accordance with the fair use provisions under Section 185 of the Intellectual Property Code of the Philippines (Republic Act No. 8293, as amended). All rights remain with their respective copyright owners. Any use of these materials beyond teaching under the ARAL Program, including reproduction, distribution, adaptation, or other forms of exploitation, may require prior permission from the respective copyright owners.

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or send an email to blr.od@deped.gov.ph.

**Published by the Department of Education**
Secretary: Sonny M. Angara
Undersecretary: Carmela C. Oracion

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

# Key Pedagogical Approaches and Practices in ARAL-Reading

## Translanguaging

The strategic use of a learner's home language alongside Filipino or English enhances comprehension and makes reading instruction more accessible. In the intervention process, tutors can employ translanguaging by:

1. Allowing learners to express ideas in their first language before transitioning to the target language.
2. Using bilingual texts or glossaries to bridge understanding.
3. Encouraging peer discussions in the home language before summarizing key points in Filipino or English.
4. Translating complex words or ideas to ensure clarity, then reinforcing them in the target language.

This approach fosters confidence in learners, reduces cognitive overload, and enhances comprehension while gradually building proficiency in reading Filipino or English texts.

## Socio-Emotional Learning

ARAL-Reading must not only focus on addressing reading challenges but also foster a supportive and encouraging environment for the learners.

Therefore, it is expected that tutors in this program shall convey the following:

1. Acknowledge Strengths and Celebrate Successes:
   a. Identify and build on what the learner does well, whether it is decoding, storytelling, or recognizing sight words.
   b. Reinforce progress through verbal encouragement, certificates, or achievement charts.
2. Create a Safe and Supportive Learning Space:
3. Use a warm and patient approach to minimize frustration and anxiety related to reading difficulties.
4. Allow learners to express their thoughts and feelings about their reading journey.
5. Encourage a Growth Mindset:
6. Emphasize that reading is a skill that improves with effort and practice.
7. Normalize mistakes as part of the learning process.

## Strength-Based

Instead of solely focusing on weaknesses, the intervention should also capitalize on learners' strengths to boost their confidence and motivation. This can be done by:

1. Assigning reading tasks based on learners' interests and existing knowledge.
2. Encouraging learners to teach peers a skill they excel at (e.g., recognizing certain letter sounds or fluency in oral reading).
3. Allowing learners to choose some of their reading materials, giving them a sense of ownership over their learning process.
4. Recognizing learners' progress and effort, regardless of how small, to foster motivation and perseverance.

# Guide for Tutors in Addressing Reading Profiles Across the Big 6 of Reading

This annex provides simple, practical, and step-by-step guidance for tutors implementing the ARAL-Reading Program. It aligns with the learners' Reading Profile (Frustration, Instructional, and Independent levels) based on Phil-IRI results, and supports progression in each of the Big 6 domains: Oral Language, Phonological Awareness, Phonics, Fluency, Vocabulary, and Comprehension.

## Before You Start

- Always refer to the learner's Reading Profile (Low Emerging, High Emerging, Developing, Transitioning, or Reading at Grade Level).
- Consult the learner's assessment results from the CRLA, IRA, and Phil-IRI.
- Prepare the reading materials suited to the learner's profile.
- Begin every session by creating a warm, safe, and affirming space.

## ORAL LANGUAGE

**GOAL:** Improve learners' ability to express thoughts, ideas, and feelings clearly and understand oral instructions or stories.

| Reading Level | What to Do | What to Do |
|---|---|---|
| Low Emerging, High Emerging, and Developing | Learner struggles to answer questions or share ideas; limited vocabulary | Use picture cards, story retelling, sentence starters, and L1 (first language) to build confidence |
| Transitioning | Learner can answer simple questions and describe pictures with some prompting | Introduce story sequencing, 'WH' questions, and show-and-tell activities |
| At Grade 3 Level | Learner speaks clearly, gives complete answers, and joins discussions | Encourage storytelling, debates, role-playing, and peer interviews |

## PHONOLOGICAL AWARENESS

**GOAL:** Develop the ability to recognize and manipulate sounds in spoken language.

| Reading Level | What to Look For | What to Do |
|---|---|---|
| Low Emerging, High Emerging, and Developing | Cannot recognize rhymes or syllables; confuses beginning/ending sounds | Use clapping games for syllables, rhyming songs, picture matching, and sound hunts |
| Transitioning | Can blend/segment some sounds; still inconsistent | Use onset-rime blending (e.g., /c/ + /at/ = cat), sound sorting, and minimal pairs |
| At Grade 3 Level | Can isolate, blend, and segment most sounds accurately | Challenge with tongue twisters, phoneme manipulation, and nonsense word games |

## PHONICS

**GOAL:** Strengthen letter-sound knowledge and decoding skills.

| Reading Level | What to Look For | What to Do |
|---|---|---|
| Low Emerging, High Emerging, and Developing | Recognizes few letters or sounds; guesses words | Explicitly teach letter-sound relationships, use sandpaper letters, and letter-sound matching |
| Transitioning | Decodes some CVC words; struggles with blends and digraphs | Use word ladders, build-a-word cards, phonics flip books |
| At Grade 3 Level | Reads unfamiliar words using phonics patterns | Introduce multisyllabic word decoding, spelling patterns, and word families |

## FLUENCY

**GOAL:** Develop accuracy, appropriate speed, and expression in reading.

| Reading Level | What to Look For | What to Do |
|---|---|---|
| Frustration | Reads slowly, skips words, struggles to decode, lacks expression | Echo reading, paired reading, choral reading, and phrase-cued texts |
| Instructional | Reads accurately but lacks smoothness or prosody | Timed repeated readings, reader's theater, recording and playback of own reading |
| Independent | Reads smoothly and expressively | Encourage silent reading with discussion, use varied texts, and increase word per minute goals |

## VOCABULARY

**GOAL:** Expand the number of words learners understand and use.

| Reading Level | What to Look For | What to Do |
|---|---|---|
| Frustration | Understands few words; needs constant explanation | Use pictures with labels, personal word walls, and vocabulary in context (e.g., using visuals) |
| Instructional | Understands familiar words; needs help with new ones | Teach words in themes (e.g., animals, school), context clue games, and word maps |
| Independent | Learner can use new words independently | Synonym-antonym tasks, academic vocabulary journals, dictionary games |

## COMPREHENSION

**GOAL:** Support learners in understanding what they read (literal to inferential to evaluative).

| Reading Level | What to Look For | What to Do |
|---|---|---|
| Frustration | Can't answer questions after reading; forgets details | Use guided reading, text-to-self questions, L1 discussion before L2 reading |
| Instructional | Understands main idea and details with support | Story maps, cause-effect charts, sequencing strips, prediction tasks |
| Independent | Understands, analyzes, and critiques texts independently | Use higher-order thinking questions, book clubs, reader-response journals |

## Daily Session Structure for All Profiles

| Session | Materials/Activity |
|---|---|
| **Warm-Up / Motivation and Review** | Flashcards, phonics games |
| **Main Activity** | Reading + Big 6 target. |
| **Practice** | Paired reading, worksheets. |
| **Assessment of Learning** | Independent work through worksheets or performance task |
| **Reflection** | "What did you learn today?" |

## Reminder for Tutors

- Always integrate translanguaging where needed, especially when explaining new concepts.
- Use socio-emotional strategies like praise, choice, and reflection to boost learner motivation.
- Build from what the learner already knows. Strengths are your starting points.
- Keep sessions multisensory, engaging, and safe for learners to make mistakes.
- Let learners feel success every session—progress, no matter how small, is still progress!
- Remember: You do not need to be perfect. You need to be present, prepared, and patient. Your guidance matters. Keep going!

# Notes for conducting Review Sessions (Pagsasanay)

## Preparation

- Prepare materials.
- Focus on learners who got low scores in the check-in activities.

## Session Proper

**Review target letters from the first week to the current week.**

- Review each letter. Use the results of the check-in activities to identify letters that learners find most difficult. Focus on these letters.
- Emphasize letter names, sounds, and forms.
- Use flashcards or write letters on the board for visual reference.
- Say out the letter sounds in random order and have learners practice writing the corresponding letters.

**Phoneme manipulation review**

- Do phoneme manipulation activities using the learners' letter tiles.
- Practice blending sounds to form words and segmenting words into sounds

**Word recognition and fluency**

- Review previously learned words. Randomly ask each learner for the meaning of each word. They may answer in any language that they know.
- Practice reading words individually, in pairs, or as a group.
- Use fluency drills to improve learner's reading speed and accuracy.

**Writing practice**

- Provide opportunities for writing practice using the letter tiles.
- Focus on word formation and spelling.

**Creative activities**

- Engage learners in creative activities such as: making word collages from magazine cutouts, writing as many words as they can that contain the letters already learned, and games involving reading words from a word list.

**Focus on learners who need additional support**

- Provide additional practice to learners who need further support.
- Pair a more advanced learner with a learner who is lagging behind to work together on activities.

## Guidelines for Teaching Learners in ARAL Tutorials

- Be familiar with the Teacher's Guide, the Learner Activity Sheets/Learner's Workbook, and the manipulatives included in the package.
- Read the plan at least a day in advance to ensure that all materials are ready and the session flow is understood.
- Consistently reinforce the core messages presented during the training. Remind learners that each one learn differently and that each one can progress in reading.
- Ensure that when a target letter is presented, its name, sound, and form are emphasized. Allow learners to repeat the activity both as a class and individually.
- Do not skip the presentation part of the lesson, particularly the phoneme manipulation part. This ensures that the children really know the sound of the letters and are not merely memorizing them.
- As the sets progress, loop together the letters learned to make both words and non-words. Make sure that, as learners read them, they are asked to identify unfamiliar words for you to unlock. Provide oral language drills by having students construct sentences orally or create dialogues that utilize these words.
- You may translate an unfamiliar word to the learners' L1 and L2, and then translate back to English.

## Teacher-Tutor Conference

The teacher-tutor conference is crucial for sharing feedback about each learner participating in the ARAL Program. This provides an opportunity to exchange observations on how the learner is progressing in both regular classes and the remediation class, and to agree on how to help each learner. It is crucial to involve parents for home support.

## Classroom Management Tips

**Clear instructions.** Repeat instructions twice to ensure understanding. If learners are unable to understand the instructions in English, state the instructions in English first, then translate them into the learners' language, and finally repeat them in English. Unlock unfamiliar English words.

**Stay calm and kind.** Remember that these learners are facing individual challenges and are struggling. In addition to helping these learners learn to read, you are also contributing to their social and emotional development.

**Active engagement.** Keep learners engaged through a variety of activities.

- **Positive reinforcement.** Praise and encourage learners for their efforts.
- **Individualized Attention.** Provide support to individual learners especially those who demonstrate learning difficulties.

## SEL Strategies for Struggling Learners

This list provides actionable social and emotional learning strategies to support learners facing difficulties with reading. Use it as a reference in the classroom, during tutoring sessions, or at home.

- **Encourage a Growth Mindset.** Emphasize that reading ability grows with effort. Use affirmations like 'Mistakes help your brain grow.'
- **Use Positive Self-Talk.** Promote statements like 'Reading is hard, but I can do it.' Let learners create affirmation cards.
- **Foster a Safe Environment.** Create a space where effort is celebrated. Respond in an encouraging manner to mistakes.
- **Use SEL-themed Books.** Incorporate stories to teach perseverance.
- **Encourage Peer Support and Collaboration.** Pair students with buddies to reduce isolation and build confidence.
- **Teach Emotional Regulation.** Introduce deep breathing, feeling charts, and calm-down corners.
- **Set Goals and Track Progress.** Help children set simpe reading goals and celebrate milestones visually.
- **Strong Adult Relationships.** Have regular check-in sessions and give personalized encouragement.
- **Trauma-Informed Practices.** Be patient, avoid public correction, and maintain consistent routines.
- **Celebrate Identity and Strengths.** Highlight non-reading strengths like art or storytelling.

## References


Collaborative for Academic, Social, and Emotional Learning (CASEL). (2020). Core SEL Competencies. https://casel.org

Stollar, S. (2025). Why Small Groups Work Best for Reading Instruction and Intervention: Part 1 of 2. The Reading Science Academy.

The Reading League. (2023). The Reading Rope: Key Ideas Behind the Metaphor. https://www.thereadingleague.org

Cornwall, G. (2017). Jabari Jumps. Candlewick Press.

Andreae, G., & Parker-Rees, G. (1999). Giraffes Can't Dance. Orchard Books.

# Talaan ng Nilalaman

**Iskedyul ng mga Sesyon** ........ **p. 2**
**Sesyon 1:** Ako si... ........ **p. 4**
**Sesyon 2:** Tayo ay... ........ **p. 4**
**Sesyon 3:** Kanan-Kaliwa ........ **p. 5**
**Sesyon 4:** Pagsasanay sa Pakikinig ........ **p. 6**
**Sesyon 5:** Alpabetong Pilipino ........ **p. 7**
**Sesyon 6:** Titik M ........ **p. 8**
**Sesyon 7:** Titik S ........ **p. 9**
**Sesyon 8:** Titik A ........ **p. 10**
**Sesyon 9:** Pagsasanay (Titik M, S, A at Pagpapantig) ........ **p. 12**
**Seyon 10:** Pagsasanay (Titik M, S, A at Salitandaan) ........ **p. 13**
**Sesyon 11:** Titik Ii ........ **p. 14**
**Sesyon 12:** Titik Oo ........ **p. 15**
**Sesyon 13:** Titik Ee ........ **p. 16**
**Sesyon 14:** Pagsasanay (Titik I, O, at E) ........ **p. 17**
**Sesyon 15:** Check-in #1
**Sesyon 16:** Titik Bb ........ **p. 18**
**Sesyon 17:** Titik Uu ........ **p. 19**
**Sesyon 18:** Salitandaan (May, Mga) ........ **p. 20**
**Seyon 19:** Pagsasanay (Titik B, U, at Salitandaan) ........ **p. 21**
**Sesyon 20:** Titik Kk at Ll ........ **p. 22**
**Sesyon 21:** Titik Tt at Nn ........ **p. 23**
**Sesyon 22:** Titik Ww at Yy ........ **p. 24**
**Sesyon 23:** Pagsasanay (Titik K, L, T, N, W, at Y) ........ **p. 25**
**Sesyon 24:** Check-in #2
**Sesyon 25:** Titik Gg at NGng ........ **p. 26**
**Sesyon 26:** Titik Pp at Rr ........ **p. 27**
**Sesyon 27:** Pagsasanay (Titik G, NG, P, at R) ........ **p. 28**
**Sesyon 28:** Titik Dd at Hh ........ **p. 29**
**Sesyon 29:** Kambal-Katinig / Klaster ........ **p. 30**
**Sesyon 30:** Pagsasanay (Titik D, H, at Klaster) ........ **p. 31**
**Sesyon 31:** Check-in #3
**Sesyon 32:** Titik Cc at Ff ........ **p. 32**
**Sesyon 33:** Titik Ññ, Jj, at Qq ........ **p. 33**
**Sesyon 34:** Titik Vv, Xx, at Zz ........ **p. 34**
**Sesyon 35:** Pagsasanay (Titik C, F, Ñ, J, Q, V, X, at Z) ........ **p. 36**
**Sesyon 36:** Check-in #4
**Annex: Gabay sa Progress Check-ins** ........ **p. 37**
**Annex: Notes for the Review Sessions** ........ **p. 50**
**Annex: Teaching Learners in ARAL Tutorials** ........ **p. 50**

# Iskedyul ng mga Sesyon (Filipino)

| Linggo | Sesyon | Mga Gawain |
|---|---|---|
| 1 | 1 | GTKY |
| | 2 | Rules and Routines |
| | 3 | Kanan-Kaliwa (Direksyon ng Pagbabasa) |
| | 4 | Phonemic Awareness |
| | 5 | Alpabeto |
| 2 | 1 | M |
| | 2 | S |
| | 3 | A |
| | 4 | Pagsasanay MSA |
| | 5 | Pagsasanay MSA |
| 3 | 1 | I |
| | 2 | O |
| | 3 | E |
| | 4 | Pagsasanay - I,O,E |

| Linggo | Sesyon | Mga Gawain |
|---|---|---|
| 3 | | **Teacher-Tutor Conference / Progress Check-in #1 / Paghahanda para sa susunod linggo /** |
| 4 | 1 | B |
| | 2 | U |
| | 3 | Salitandaan: May at Mga |
| | 4 | Pagsasanay - B, U, Salitandaan |
| | 5 | **Teacher-Tutor Conference / Tutor Check-ins / Paghahanda para sa susunod linggo** |
| 5 | 1 | T, N |
| | 2 | K, L |
| | 3 | W, Y |
| | 4 | Blending and Decoding Practice |
| | 5 | **SDO-led LAC school-wide teacher-tutor conference** |
| 6 | 1 | **Check-in #2** |
| | 2 | G, NG |

| Linggo | Sesyon | Mga Gawain |
|---|---|---|
| 6 | 3 | P, R |
| | 4 | Pagsasanay - G,NG,P,R |
| | 5 | **Teacher-Tutor Conference / Tutor Check-ins / Paghahanda para sa susunod linggo** |
| 7 | 1 | D, H |
| | 2 | Kambal Katinig / Klaster |
| | 3 | Pagsasanay - D, H, Klaster |
| | 4 | **Progress Check-in #3** |
| | 5 | **Teacher-Tutor Conference / Tutor Check-ins/ Paghahanda para sa susunod linggo** |
| 8 | 1 | C, F |
| | 2 | Ñ, J, Q |

| Linggo | Sesyon | Mga Gawain |
|---|---|---|
| 8 | 3 | V,X, Z |
| | 4 | Pagsasanay - C, F, Ñ, J, Q, V, X, Z |
| | 5 | **Progress Check-in #4** |

# Linggo 1: Sesyon 1-5
# SEL at Pre-Reading Activities

**From Hello to Let's Go!**

This first week is all about connection before instruction. Before we start reading remediation, we focus on building trust and comfort so learners know they are in the care of someone who sees them, believes in them, and will help them grow.

Together with students, set clear rules and routines—they create a safe, predictable space where everyone can learn with confidence. Co-create a class agreement to keep things fair and manageable, and involve learners in shaping their own environment. Let them help arrange the space, display their drawings and writings, and surround the room with print-rich, easy-to-read visuals for natural, independent practice.

Use this time to also ease into learning with pre-reading activities—reading orientation, active listening, and alphabet introduction—to prepare students for the journey ahead. By week's end, you'll have a class that feels connected, engaged, and ready to learn.

# Sesyon 1: Ako Si...

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Maipakilala ang sarili at makilala ang mga kasama sa klase<br>2. Mapagnilayan ang sariling mga kakayanan at uri ng pagkatuto<br>3. Malaman ang *Growth Mindset* | • bola / lobo / maliit o malambot na bagay na maaaring ipasa<br>• kwento: "Ang Mahiyaing Manok" (digital o physical copy) |

## Pagganyak

*Sa pagbubukas ng unang klase, maaaring magpasimula ng kanta ang tutor o kahit anong maikling activity na huhudyat sa pagsisimula ng klase.*


**Activity: Ako Si....Pasa!**

- Habang nakabilog ang klase, ipakikilala ng may hawak ng bola/lobo ang kanyang sarili (pangalan at hilig gawin): e.g., **Ako si Teacher Jan, at mahilig ako sa mangga!**
- Ipapasa niya sa susunod na magpapakilala ang bola. Ang pinasahan ng bola ay i-a-*acknowledge* ang nagpasa bago magpakilala: e.g., **"Salamat, Teacher Jan na mahilig sa mangga. Ako naman si Yayi na mahilig kumanta."**
- Dapat lahat ng mag-aaral ay mabigyan ng pagkakataon na magsalita. Maaaring ulitin ng tutor ang mga pangalan (at hilig) para mas lalong matandaan ng mga mag-aaral ang isa't isa.

**Gawain: Ako si...**
Maaari ding ipasagot ang p. 3 ng Learner's Workbook. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot at pagsasalarawan ng kanilang sarili.

Basahin sa klase ang **"Ang Mahiyaing Manok"** ni Rebecca Anoñuevo o kahit anong kuwento na tungkol sa paglinang ng ating mga kakayanan.

## Pagtalakay




1. Tungkol kanino ang kuwento natin?
2. Ano ang gustong malinang na kakayahan ni Onyok?
3. Sino ang tumulong kay Onyok upang makatilaok nang maayos?
4. Ikaw, paano mo gustong matuto (sa pakikinig ng kuwento, paglalaro, pagsasagot sa workbook, atbp.)

## Pagninilay

*Tandaan natin na ang mga bata sa ARAL Program ay hirap sa pagbabasa sa paraang akma sa kanilang grade level, kaya madalas ay mababa din ang kanilang **self-confidence, takot magkamali kung kaya kailangan ng pag-intindi at pagtutok sa kanilang pagkatuto.***
*Magandang ipaalala sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:*

- **Iba-iba tayo ng paraan ng pagkatuto, pero lahat tayo matututo!**
- **Kailangan ng tiyaga at panahon upang matutunan ang isang bagay, okay lang ang mahirapan at magkamali. Ang mahalaga ay lagi tayong sumubok hanggang matuto.**

**"Kayang-Kaya ko, Kayang-kaya mo, Kayang-kaya nating lahat!"**



# Sesyon 2: Tayo ay...

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Matutunan ang mga tuntunin sa tutorial class<br>2. Maipakita ang pag-intindi at pagsunod sa mga tuntunin sa klase<br>3. Makilahok sa mga gawain sa tutorial session | • Kopya ng: "Ang Sampung Magkakaibigan" (physical or digital: https://www.youtube.com/watch?v=0ZeRlEMOmrM)<br>• Picture cards/poster ng classroom rules<br>• Poster: "Pangako sa Pagsunod"<br>• Panulat (lapis, marker, crayons, atbp.) |

## Pagganyak

*Sa pagbubukas ng klase, maaaring magpasimula ng kanta ang tutor o kahit anong gawain na huhudyat sa pagsisimula ng klase.*

**"Sampung Magkakaibigan" ni Kristine Canon**

- Bago basahin ang kuwento, ituro sa klase ang mga dapat tandaan sa pakikinig ng kuwento:



**Bukas na tainga sa pakikinig**
**Tikom na bibig upang tahimik**
**Kamay sa sarili at hindi nangangalabit**
**Bukas na isipan, imahinasyon ay handa na!**

- Mainam na malapatan ito ng mga galaw o senyas upang mas matandaan ng mga mag-aaral ang mga paalala
- Maaari din mamili ng ibang kwento na nakasentro sa tamang pagsunod sa mga tuntunin sa klase at pangangalaga sa kaibigan at kaklase.



## Pagganyak

1. Sino-sino ang mga magkakaibigan sa ating kwento? Magbigay ng isang pangalan at ilarawan sila.
2. Sa kuwento, ano ang mga hindi maganda na ginagawa ni Karlo sa kaniyang mga kaibigan?
3. May *rules* ba na hindi sinusunod ni Karlo? Paano kaya niya maitatama ito?
4. Sa inyong klase, ano ang mga dapat sundin ayon sa inyong guro?

## Pagninilay

- Pag-usapan ang nabuong *classroom rules* at tanungin ang mga mag-aaral kung paano nila matutulungan ang sarili o kaibigan upang huwag makalimutan sundin ang mga ito.
- Maaaring maghanda ng isang "dokumento" ng pangako sa pagsunod sa mga tuntunin na nabuo. Isusulat ang pangalan sa papel bilang lagda dito.
- Tanungin ang mga mag-aaral sa kanilang nararamdaman sa pangako na nilagdaan.

Matapos makapagbigay ng mga halimbawa ng *classroom rules* o tuntunin sa klase ang mga mag-aaral, itawid ang usapan sa pagbabahagi ng mga tuntunin sa klase. Maaaring buoin ang mga tuntunin base sa opinyon ng mga mag-aaral na dapat sundin upang maging matiwasay at maayos ang pag-aaral nila ng pagbabasa at lahat ay masaya.




# Sesyon 3: Kaliwa-Kanan

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Matukoy ang kaliwa at kanan gamit ang sariling katawan<br>2. Mailapat ang kaliwa at kanan sa pang-araw-araw na gawain<br>3. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mahasa ang pag-unawa sa direksyon | • dalawang gamit na maaring hawakan sa magkabilang kamay (e.g., lapis = kanan, nakabilog na papel = kaliwa)<br>• Learner's Workbook |

## Pagganyak

**Balikan** ang mga natutunan ng mga bata sa huling dalawang araw: 1) pangalan ng mga kaklase at kanilang hilig; 2) mga tuntunin sa klase na napagkasunduan sundin (*classroom rules*)

**Gawain: Kaliwa-Kanan (sa tono ng "Hokey Pokey")**

- Kantahin at sayawin o i-*play* ang *video* na "Hokey Pokey": https://tinyurl.com/HokeyPokeyFil

**Ilabas ang kanang paa**
**Ilayo ang kanang paa**
**Ilabas ang kanang paa**
**At igalaw-galaw**
**Gawin ang hokey pokey**
**At umikot-ikot**
**Halina't sumayaw tayo**

- Ipagawa ang kilos kasabay ang musika sa mga mag-aaral upang mas maging *engaging* at madaling tandaan.

## Pagtalakay

**Pagpapakita ng Kaliwa at Kanan**
Pahawakin ng lapis sa kanang kamay at nakabilog na papel sa kaliwang kamay ang mga mag-aaral at sabihin kung anong kamay ang gamit nila sa paghawak sa mga bagay.

*"Hawak niyo sa inyong kanang kamay ang lapis. Anong kamay ang may hawak ng lapis? Itaas natin ang KANAN. Ano naman ang may hawak ng papel? Itaas natin ang KALIWA."*



## Pagsasanay

*Pumili ng isa sa mga mungkahing pagsasanay:*

**Sino ang nasa kaliwa o kanan?**

Papilahin ang mga mag-aaral na magkakatabi sa isang linya. Tanungin sila: **"Sino ang nasa KALIWA mo? Sino ang nasa KANAN mo?"** Itama ang mag-aaral kung magkamali. Pagpalitin ng posisyon ang laro.

**Sundin ang Guro**

Magbibigay ang guro ng gagawing kilos, at susunod ang mga mag-aaral.

- Ituro ang kaliwang paa mo.
- Gumihit ng bilog sa hangin gamit ang kanang kamay!
- Tapikin ang kaliwang balikat ng katabi

## Pagtitibay sa Bahay

**Learner's Workbook, Page 5**

1. Pagmasdan ang loob ng bahay.
2. Iguhit ang iyong hapag-kainan at tatlong bagay na nasa kaliwa at tatlong bagay na nasa kanan ng inyong kainan.
3. Sa parehong pahina, kulayan ng **pula** ang kaliwang kamay at kulayan ng **asul** ang kanang kamay.

## Paglalagom

**Movement: Kaliwa at Kanan**

Hawak pa rin ang lapis at papel, magbibigay ng *command* ang tutor na susundin ng mga mag-aaral. Maaaring gawin itong pattern hanggang sa ipalit na ang salitang **kanan** o **kaliwa**. Ipaalala na ang *aktibong pakikinig* ay kailangan sa pagsasanay. Obserbahan kung sino ang nakakasunod na at hindi pa.

Halimbawa ng *pattern*:


- *lapis, lapis, papel, papel, lapis, papel, papel, lapis*
- *kanan, kanan, kaliwa, kaliwa, kanan, kaliwa, kaliwa, kanan*

## Pagtitibay sa Bahay

Sagutan ang gawain sa Learner's Workbook

**Pagtitibay sa Bahay**

Masdan ang kainan sa inyong bahay. Iguhit ang 3 bagay na nakikita sa kaliwa ng kainan at 3 bagay na nakikita sa kanan ng kainan. Kulayan ang mga ito.



# Sesyon 4: Pagsasanay sa Pakikinig

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Matukoy ang mga tunog sa pamamagitan ng aktibong pakikinig<br>2. Mapagtibay ang pagtukoy ng tunog bilang paghahanda sa pag-aaral ng pagbabasa<br>3. Mailapat ang kaliwa at kanan sa pang-araw araw na gawain | • Video ng Hokey Pokey in Filipino: https://tinyurl.com/HokeyPokeyFil<br>• Video/Audio ng Environmental Sounds: https://tinyurl.com/EnvironmentalSounds<br>• Learner's Workbook |

## Pagganyak

Balikan ang pagsasanay ng KALIWA at KANAN (pumili ng isa):

- **Quick Challenge:** Magpagawa ng mga kilos: "Itaas ang kaliwang kamay!" "Ilagay ang kanang kamay sa ulo!"
- **Kaliwa-Kanan (sa tono ng "Hokey Pokey"):** Kantahin at sayawin o i-play ang video na "Hokey Pokey".

## Pagtalakay

Simulang sanayin ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng tunog bago pa man magsimula sa pagtuturo ng titik at mga tunog nito. Ipaliwanag na nakakatulong ang kakayahan na ito sa pagbubuo at pagbabasa ng mga salita.

- **Environmental Sounds:** Sa pagpapatugtog ng mga tunog mula sa video, susubukin ng mga mag-aaral na hulaan ang tunog na kanilang narinig.



## Pagsasanay

**Kaninong Boses Ito**

May isang mag-aaral ang nakapiring or nakapikit at papahulaan ang boses ng kaklase na magsasalita sa kaniyang tainga. Kailangan mahulaan ng mag-aaral kung sino ang nagsalita at masabi kung sa kanan o kaliwang tainga ito nagsalita. Alalayan ang mag-aaral ng nalilito pa at patuloy hikayatin na magsanay pa.

## Paglalagom

**Magkatugma ba?**

Magbibigay ang tutor ng dalawang salita na maaaring magkatugma/magkatunog sa huli o hindi.

- Sa pagsagot, ipapadyak ang *kaliwang paa* kung hindi tugma, at itataas ang *kanang kamay* kapag magkatugma ng tunog.
- **bola-lola, walis-tama, walis-pulis, lugaw-sigaw, paso-dahon at iba pa.**

## Pagtitibay sa Bahay

**Learner's Workbook, p. 6**

**Pagbabasa mula kaliwa, pakanan:** Sasanayin ng mga mag-aaral ang pagbabasa sa tamang direksyon gamit ang mga numero, hugis, at larawan sa p. 6 ng Learner's Workbook. Maaaring bigyan ng maiksing note o mensahe ang mga gabay upang masuportahan ang pagsasanay sa bahay.

# Sesyon 5: Ang Alpabetong Pilipino

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala ang Makabagong Alpabetong Pilipino sa pamamagitan ng awitin.<br>2. Makapagbigay ng salita sa bawat alpabetong Pilipino<br>3. Maunawaan ang kahalagahan ng alpabeto sa pagbabasa at pagsusulat. | • Video ng Alpabetong Pilipino: https://tinyurl.com/AFilipino<br>• poster o digital slide ng alpabeto<br>• word-picture cards<br>• Learner's Workbook |

## Pagganyak

**Pagbabasa mula kaliwa hanggang kanan**

Balikan ang naging takdang-aralin upang makita ang pagsasanay na ginawa ng mga mag-aaral at mabalikan na rin ang nakaraang pagsasanay.

**Ang Alpabetong Pilipino (Pagpapakilala)**

Bago makarating sa pag-*focus* ng mga titik ng Marungko, ipakilala muna sa klase ang kabuoan ng makabagong alpabetong Pilipino.

**Kanta:** "Ang Alpabetong Pilipino" (Maaaring kantahin lang, may kasamang instrumento, o patugtugin ang video.)

Hikayatin ang mag-aaral na sumabay sa kanta gamit ang kilos (halimbawa, pagpadyak sa bawat pantig, pagpalakpak sa bawat pantig).

Tanungin ang mga bata: **"Saan nagsisimula ang titik ng inyong pangalan?"**

## Pagsasanay

**Hanapin ang Titik**

Maghanda ng *flashcards* ng iba't ibang titik. Bumanggit ng isang titik at ipahanap ito sa mga mag-aaral mula sa flashcards.

**Hopscotch/Piko**

Isulat ang mga titik sa mga kahon pang-piko. Tatalon sa titik na kanyang sagot ang mag-aaral. Maaaring isa-isa o *by pair* ang laro.

## Pagtalakay

**Ang 28 na Alpabetong Pilipino**

1. Ipakita ang 28 na alpabeto gamit ang isang malaking flashcard, poster, o digital slide.
2. **Katinig** at **Patinig:** Sabihin na 5 sa mga titik ay tinatawag na *Patinig* at 23 ay *Katinig*
3. **Pagbigkas ng mga Titik:** Ipakita ang tamang pagbigkas ng pangalan ng bawat titik. Gumamit ng larawan o flashcards na may *salitang-susi* upang ipakita ang mga salitang nagsisimula sa bawat titik.
4. **Anong Titik ito?** Magbigay ng tunog ng isang titik at pahulaan sa mga mag-aaral kung anong titik iyon. Hilingin na magbigay sila ng salitang nagsisimula sa tunog ng titik na iyon.

Hal.
**Guro: "B..."**
**Mag-aaral: "B-Baka!"**



- **Unahan sa Pagkuha** – Ipaskil ang *flashcards* sa isang dingding na bahagyang mas mataas sa mga mag-aaral. Mula sa kabilang dako, tatakbo at unahan ang mga mag-aaral na kunin ang *flashcard* na kanilang sagot. Maaaring isa-isa o *by pair* ang laro.

**Salitang Alpabeto**
Magbanggit ng isang titik. Ipasa ang bola sa isang mag-aaral. Kailangang magbigay ng salitang nagsisimula sa tunog ng ibinigay na titik ang pinasahan ng bola. Pagkatapos, ipapasa ito sa isang kaklase, na ganoon din ang gagawin. Magpapatuloy sa ganitong paraan ang larong ito.

## Pagninilay

Itanong sa mga mag-aaral: "Bakit mahalaga ang alpabeto sa pagbasa at pagsulat?"

Pakinggan ang mga sagot at ipaliwanag na ang pag-aaral nito ay makakatulong sa atin na gumaling sa pagbabasa at magawa ang mga gusto pa natin. Maaaring itanong kung ano ang mga pangarap nila sa buhay. Bigyang-diin na upang matupad ang kagustuhan natin na maging propesyonal, magkatrabaho, o maging mayaman sa hinaharap, importante na tayo ay nakakabasa.

## Pagtitibay sa Bahay

1. Learner's Workbook, pp. 7-8
2. Alpabeto sa Aking Bahay
   Maghanap ng 5 bagay sa loob ng bahay. Tukuyin ang tunog ng titik ng pangalan ng mga bagay na ito. Hal: **A-Aklat, L-Laruan**

# Sesyon 6: Titik Mm

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang tunog ng Mm<br>2. Mabigkas ang tunog ng titik Mm<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Mm<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /m/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik Mm | • Video ng Alpabetong Pilipino: https://tinyurl.com/AFilipino<br>• Jigsaw puzzle na may hidden images: MASAYA o MALUNGKOT na mukha, MANGGA o MAIS<br>• Kwento: "Si Mila at ang Kanyang mga Mata" (maaaring isulat sa malaking papel at lagyan ng mga larawan)<br>• Mm picture-letter card |



## Pagganyak

**Balikan** ang kantang **"Ang Alpabetong Pilipino"** (Maaaring kantahin lang, may kasamang instrumento, o i-play ang video).

**Pagtukoy ng Imahe**
Ihanda ang puzzle ng isang larawan, halimbawa: mangga, mais, masaya, o malungkot. Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na buuin ito. Tanungin ang mga mag-aaral matapos ang gawain:

- Ano ang nabuo ninyong larawan?
- May kuwento ba kayo tungkol sa mangga o mais? Mahilig ba kayo kumain nito?
- Ano ang kwento na masaya o malungkot?
- Sa anong titik nagsisimula ang salitang mata, mais, malungkot, o masaya?

**Note:** Maaari din magbahagi ang tutor ng kanyang kwento/sagot lalo kung nahihiya pa ang mga bata na sumagot. I-*model* ang pag-iisip at pagsagot sa kanila**.**

**SEL Support:**
I-*acknowledge* ang mga masasaya at malungkot na karanasan na ibinabahagi ng mag-aaral upang maramdaman nila na sila ay pinapakinggan at pinapahalagahan.

**HELPFUL TIPS**

Ibahagi sa klase na simula sa araw na ito, tutuon ang klase sa pag-aaral ng mga tunog ng titik at ang pagsasama nito upang makabasa ng isang salita.

Mahalaga na i-***scaffold*** natin ang pagtuturo upang mas madaling makuha ng mag-aaral ang reading strategy.

**I Do** - *I-model ang teaching strategy.*
**We Do** - *Magsanay nang sabay at magbigay ng mabilisang feedback upang maitama ang strategy.*
**You Do** - *Hayaan ang mag-aaral na ipakita ang natutunan nang walang gabay.*

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**
Ano ang Tunog ng Titik Mm (Tune of *The Wheels on the Bus*)

***Ano ang tunog ng titik Mm, titik Mm, titik Mm***

- **Pagpapakilala sa Titik Mm**
  - Ipakita ang *flashcard* ng Mm. Sabihin, "Ito ang malaking titik M at ito naman ang maliit na titik m." Ipakita muli ang mga larawan na nagsisimula sa /m/ at dagdagan pa ito.
  - Bigkasin ang tunog /m/ ng tatlong beses: "Mmmm....Mmmm...Mmmm...."
- **Porma ng bibig.** Ipakita ang porma ng labi kapag ginagawa ang tunog ng /m/: "Magkalapat ang mga labi natin saka gawin ang tunog. Parang may masarap tayong kinakain!"
- **Paggamit ng larawan.** Ipakita muli ang mga larawan na nagsisimula sa /m/ at dagdagan pa ito.
- **Makinig at ituro.** Magbigay ng tatlong salita, dalawang nagsisimula sa tunog ng /m/ at isang hindi. Halimbawa: *mata*, *mangga*, *lobo*. Sabihin na ang mata at mangga ay nagsisimula sa /m/ at ang lobo ay hindi dahil nagsisimula ito sa /l/.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Mm**

- **air writing** – *gamit ang kamay, isulat ang M at m sa hangin*
- **palm writing** – *gamit ang daliri, isulat ang M at m sa palad*
- **desk writing** – *gamit ang daliri, isulat ang M at m sa ibabaw ng mesa*
- **buddy writing** – *gamit ang daliri, isulat ang M at m sa likod ng kaklase*

**Pass the Ball**

Ipapasa ang bola sa kaibigan. Kapag nahawakan ang bola, ang mag-aaral ay dapat magbigay ng isang salita na nagsisimula sa /m/. *Halimbawa: mata, mais, mama, masa, mangga*

## Paglalagom

**Pakikinig: "Si Mila at Kanyang Mga Mata"**

*Isang umaga, nagising si Mila at hinaplos ang kanyang mga mata.*
*"Ito ang aking mga mata!" sabi ni Mila.*
*Tumingin siya sa salamin at ngumiti.*
*Kulay kayumanggi ang mga mata ni Mila.*
*"Ang ganda ng aking mga mata!" sabi ni Mila.*
*Masayang lumabas si Mila.*
*Ipinakita ni Mila ang kanyang mga mata sa nanay niya.*

Mga Tanong:

1. Anong bahagi ng katawan ang binanggit sa kuwento?
2. Ano ang kulay ng mga mata ni Mila?
3. Masaya ba o malungkot si Mila sa mga mata niya?
4. Anong mga salita sa kwento ang nagsisimula sa titik M o tunog na /m/?

Babasahin ng guro ang maikling kwento. Pagkatapos ay tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga salita na may tunog ng /m/. Maaari nilang iguhit at mga salita at isulat kung kakayanin. Maaari din nilang dagdagan ng mga sarili nilang salita na nagsisimula sa /m/.

- **Sound Booklet** – Maaaring itago ang mga iginuhit ng mga mag-aaral at gawin itong booklet kasama ang mga susunod na titik at tunog na pag-aaralan.

## Pagninilay

Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na tukuyin ang kanilang naramdaman sa mga pagsasanay sa klase. Maaaring itanong ang mga sumusunod.

1. Ano ang mga natutunan natin ngayon?
2. Ano ang pinakamasayang bahagi ng ating klase ngayon? Bakit?
3. Saan ka nahirapan? Saan ka nadalian?
4. Ano ang makakatulong sa atin para mas gumaling tayo sa ating pagsasanay magbasa?



Maaari ding maghanda ang teacher ng "feedback" or "emotions check-in" para madaling maibahagi ang kanilang karanasan.

## Pagtitibay sa Bahay

Ipagpatuloy ang pagsasanay sa bahay sa pagsagot ng **Learner's Workbook: Titik Mm**.

**Pagtukoy sa Titik M sa Kapaligiran**

*Maghahanap ang mag-aaral ng tatlong bagay sa loob ng bahay na may tunog ng /m/ at iguguhit sa papel or kwaderno.*




# Sesyon 7: Titik Ss

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang titik Ss<br>2. Mabigkas ang tunog ng ng titik Ss<br>3. Maisulat ng maayos at tama ang malaki at maliit na titik Ss<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /s/<br>5. Makalahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik Ss | • Kuwento: "Ang Susi ni Sam" (maaring isulat sa malaking papel at lagyan ng mga larawan)<br>• Ss picture-letter cards<br>• Learner's Workbook<br>• Sound Booklet |

## Pagganyak

**Balikan** ang kantang **"Ano ang Tunog ng Titik Mm"** upang ma-*reinforce* ang kaalaman na natutunan sa huling klase.

**Prutas Song (Tune: Fruit Salad)**
Sumayaw habang inaawit ang kantang ito upang mapasigla ang klase:

Pakwan, pakwan 2x
Papaya, papaya
Saging, saging, saging 2x
Mga prutas, prutas

Tanungin ang mga mag-aaral: "**Ano ang inyong paboritong prutas?"** Gamitin ang pagbanggit ng salitang *saging* upang maikonekta sa talakayan ng araw.

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**
Ano ang Tunog ng Titik Ss (Tune of *The Wheels on the Bus)*

***Ano ang tunog ng titik Ss, titik Ss, titik Ss***
***Ano ang tunog ng titik Ss***
***sss, sss, sss***

- **Pagpapakilala sa Titik Ss**
  - Ipakita ang flashcard ng Ss. Sabihin, "Ito ang malaking titik S at ito naman ang maliit na titik s."
  - Bigkasin ang tunog /m/ ng tatlong beses: "Sss...sss...sss..."
- **Porma ng bibig.** Ipakita ang porma ng bibig kapag ginagawa ang tunog ng /s/: "Bahagya tayong nakangiti na may ngipin. Nasa likod ng ngipin ang dila natin saka papadaanin ang hangin sa pagitan nito. Parang tunog lang ng ahas!"
- **Paggamit ng larawan** - Ipakita muli ang mga larawan na nagsisimula sa /s/ at dagdagan pa ito.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Ss**
- Maaaring gawin ang pagsusulat ng titik gamit ang *air writing, palm writing, desk writing, buddy writing*, atbp.

**Makinig at Ituro**
Magbibigay ang tutor ng tatlong salita, dalawa na nagsisimula sa /s/ at isang hindi. Kailangan tukuyin ng mga mag-aaral ano isang salita na hindi nagsisimula sa /s/:
- Sili, sapatos, tabo
- Mangga, susi, singsing
- Sabon, aso, sampu

**SEL Support:**
Huwag kalimutan na gamitin ang classroom rule na **pagtataas ng kamay** bago sumagot kapag nagtatanong sa klase. Tinutulungan ng pagsasanay na ito ang pag-*develop* ng *self-regulation* sa pamamagitan ng paghihintay sa kanilang pagkakataon. Ito rin ay pagpapalakas ng paggalang sa isa't isa.



## Paglalagom

**Susing Salita:** aparador, laruan

**Pakikinig: "Ang Susi ni Sam"**
*Si Sam ay may isang susi.*
*Ang susi ay maliit at kulay ginto.*
*"Para saan ang susi na ito?" tanong ni Sam sa kanyang lola.*
*"Iyan ang susi ng ating lumang aparador," sagot ng lola.*
*Binuksan ni Sam ang aparador at nakita niya ang lumang laruan niya noong bata pa siya.*
*"May bago akong laruan ulit!" tuwang-tuwang sigaw ni Sam.*

Tanong:
1. Saan ginagamit ang susi?
2. Ano ang nakita ni Sam sa loob ng aparador?
3. Masaya ba o malungkot si Sam sa nakita niya sa aparador?
4. Anong mga salita sa kwento ang nagsisimula sa /s/?

Babasahin ng guro ang maikling kuwento. Pagkatapos ay tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga salita na may tunog ng /s/. Maaari nilang iguhit ang mga salita at isulat kung kakayanin. Maaari din nilang dagdagan ng mga sarili nilang salita na nagsisimula sa /s/. Maaaring idagdag ang gawain na ito sa Sound Booklet na ginawa noong nakaraang sesyon.

## Pagtitibay sa Bahay

**Pagtukoy sa Titik S sa Kapaligiran**
*Maghahanap ang mag-aaral ng* **tatlong bagay sa loob ng bahay na may tunog ng /s/** *at iguguhit sa papel or kwaderno.*



# Sesyon 8: Titik Aa

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang titik Aa<br>2. Mabigkas ang tunog ng titik Aa<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Aa<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /a/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik Aa | • Spot It game picture/poster (maaaring drawing o printed)<br>• Aa picture-letter cards<br>• Learner's Workbook |

## Pagganyak

**Balikan** ang kantang **"Ano ang Tunog ng Titik Ss"** upang ma-*reinforce* ang kaalaman na natutunan sa huling klase.

**Spot it!**

Magpapakita ang guro ng isang malaking larawan kung saan may mga nakatagong larawan ng mga salita na nagsisimula sa /a/ tulad ng **ahas, aso, apoy, apat, ate,** atbp. Ang hamon sa mga mag-aaral ay mahanap ang mga ito sa loob lamang ng 30 segundo.

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**

Ano ang Tunog ng Titik Aa (Tune of *The Wheels on the Bus)*

***Ano ang tunog ng titik Aa, titik Aa, titik Aa***
***Ano ang tunog ng titik Aa***
***a, a, a***

- **Pagpapakilala sa Titik Aa**
  - Ipakita ang flashcard ng Aa. Sabihin, "Ito ang malaking titik A at ito naman ang maliit na titik a."
  - Bigkasin ang tunog /a/ ng tatlong beses: "a, a, a..."
- **Porma ng bibig.** Ipakita ang porma ng bibig kapag ginagawa ang tunog ng /a/: "Pagkabuka ng bibig, ibaba ang baba at gumawa ng tunog na parang saktan!"
- **Paggamit ng larawan.** Ipakita muli ang mga larawan na nagsisimula sa /a/ at dagdagan pa ito.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Aa**

- Maaaring sanayin ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng titik gamit ang air writing, palm writing, desk writing, buddy writing, atbp.

**Makinig at Igalaw**

Magbibigay ang guro ng tatlong salita, ang ilan ay nagsisimula sa /a/ at isang hindi. Tatalon ang mga mag-aaral kapag ang salita ay nagsisimula sa /a/ at uupo kapag hindi nagsisimula sa /a/

- apa, baboy, ahon
- mais, saging, apoy
- sapatos, ahas, apat

## Paglalagom

**Susing Salita:** aparador, laruan

**Pakikinig: "Si Aki at ang Apoy"**

*Si Aki ay isang aso na mahilig maglaro. Isang araw, nakita niya na may apoy sa kusina.*

*"Ano ito?" tanong ni Aki habang lumalapit siya sa apoy.*

*"Huwag kang lumapit, Aki! Ang apoy ay mainit!" sabi ng Tatay.*

*Umalis si Aki at bumalik sa kanyang higaan upang matulog.*

Tanong:

1. *Ano ang hilig gawin ni Aki?*
2. *Ano ang nakita ni Aki sa kusina?*
3. *Ano ang sinabi ni Tatay kay Aki?*
4. *Ang apoy ba ay maaaring hawakan? Bakit?*
5. *Anong mga salita sa kwento ang nagsisimula sa /a/?*

Babasahin ng guro ang maikling kuwento. Pagkatapos ay tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga salita na may tunog ng /a/. Maaari nilang iguhit ang mga salita at isulat kung kakayanin. Maaari din nilang dagdagan ng mga sarili nilang salita na nagsisimula sa /a/. Maaring idagdag ang gawain na ito sa Sound Booklet.



## Pagninilay


1. Ano ang mga natutunan natin ngayon?
2. Ano ang pinakamasayang parte ng ating klase ngayon? Bakit?
3. Saan ka nahirapan? Saan ka nadalian?
4. Ano ang makakatulong sa atin para mas gumaling tayo sa ating pagsasanay magbasa?

## Pagtitibay sa Bahay

**Pagtukoy sa Titik Ss sa Kapaligiran**

Maghahanap ng tatlong bagay sa loob ng bahay na may tunog ng /a/ ang mag-aaral at iguguhit sa papel or kwaderno.

Ipagpatuloy ang pagsasanay sa bahay sa pagsagot ng Learner's Workbook: Titik Aa.



**Sesyon 8: Titik Aa**

Magsanay Magsulat

Gawain 1 — Bilugan ang malaking titik A at lagyan ng tsek ang maliit na titik a sa bawat salita.

| | |
|---|---|
| asa | Ana |
| isa | araw |
| ama | ale |
| Annie | ate |

Gawain 2 — Bilugan ang mga bagay na ang pangalan ay nasisimula sa tunog na /a/.

11

# Sesyon 9: Pagsasanay (Titik M, S, A, at Pagpapantig)

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Magamit ang kaalaman sa tunog ng titik M, S, at A sa pagbuo ng mga pantig<br>2. Maisulat nang maayos ang titik M, S, A sa pagbubuo ng pantig o salita<br>3. Magipagsama ng maayos ang dalawang tunog upang makabuo ng pantig<br>4. Malaman ang kahalagahan ng *growth mindset* at paano ito gagamitin | • Letter Tiles<br>• Kahit anong writing materials<br>• Aa picture-letter cards<br>• Learner's Workbook |

## Pagganyak

**Balikan: Mansanas-Saging-Atis (Movement Game)**

Mansanas - tatalon paharap
Saging - tatalon patalikod
Atis - tatalon paikot

Ibibigay ng guro ang command gamit ang mga salitang prutas. Maaaring gumawa ng *pattern* upang mas maraming galaw ang mga mag-aaral. Maaari ding gawing tunog lamang ng titik ang salita. Ang mahalaga ay maipakita ng mga mag-aaral ang pagiging pamilyar sa mga tunog na pinag-aralan at aktibong pakikinig.

Halimbawa:

- mansanas, mansanas, saging, atis
- atis, atis, mansanas, saging, saging
- /m/, /m/, /a/, /a/, /s/

## Pagtalakay

**Pagpapakilala sa pagsasama ng tunog bilang unang hakbang sa pagbabasa:**
Ipapaalam ng guro sa mga mag-aaral na pagsasamahin nila ang mga tunog na kanilang natutunan upang makabuo ng mga salita. Maaaring isulat ng guro ang kumbinasyon ng mga tunog na parang simpleng *equation* sa matematika upang maiugnay sa konsepto ng pagsasama-sama. Maaaring gumamit ang guro ng tiles ng titik upang ipakita.

m + a = ma
/m/ /a/ /ma/

"Kapag pinagsama natin ang tunog ng /m/ at /a/, mabubuo natin ang pantig na "ma". Dahan-dahan kong pagsasamahin ang mga tunog tulad ng ganito: mmmmmaaaaaa, mmaaa, ma!"

Ipakita rin ang pagbabago kapag pinagpalit ang mga tunog. Ipaalala na ang pagbabasa ay nagsisimula sa *kaliwa*, kaya ito ang unang tunog at unang maririnig sa pantig.

a + m = am
/a/ /m/ /am/

## Pagsasanay

Gabayan ang mga mag-aaral bilang isang klase o isa-isa sa pagsasanay sa pagbuo ng mga sumusunod na pantig:

- m+a = ma
- s+a= sa
- a+s = as
- a+m = am

Paalala: ***Gamitin ang scaffolding technique na I do, we do, you do.***

Maaari na ring ipakita kung paano ang pagbuo ng salita gamit ang mga pantig:

ma + sa = masa
/ma/ /sa/ /masa/

a + sa = asa
/a/ /sa/ /asa/

## Paglalagom

**Learner's Workbook: Isulat ang nawawalang pantig.**

1. Ma_ (mama)
2. Sa_ (sama)
3. _sa (asa)
4. _sa (masa)

## Pagninilay

**SEL Support:**
Kadalasan ay nagiging *source of frustration* ang pagsasama ng tunog bilang pagsasanay para sa mga batang hirap sa pagbabasa. Magbaon ng maraming pasensiya dahil maaaring hindi agad makuha ng mag-aaral ang technique.

Paigtingin ang **growth mindset.** Patuloy na ipaalala sa mag-aaral na okay lang ang magkamali, ang mahalaga ay magpatuloy sa pagsasanay. Bawat pagsasanay ay hakbang sa pagkatuto.

## Pagtitibay sa Bahay

Paalalahanan ang mga magulang na magsanay sa bahay ng pagbuo ng mga pantig at salita gamit ang *letter tiles* at pagbabasa ng maikling pangungusap.

# Sesyon 10: Pagsasanay (Titik M, S, A, at Salitandaan)

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Magamit ang kaalaman sa tunog ng titik M, S, at A sa pagbuo ng mga pantig at salita<br>2. Maisulat ng maayos ang titik M, S, at A sa pagbubuo ng pantig o salita<br>3. Maipagsama nang maayos ang dalawang tunog upang makabuo ng pantig<br>4. Maipagsama ng maayos ang dalawang pantig upang makagawa ng salita<br>5. Maipakita ang *growth mindset* kung mahihirapan sa gawain | • Memory Game: pair of letters: M, S, A<br>• Letter tiles<br>• salitandaan flashcard: ANG<br>• Board and writing material<br>• Learner's Workbook |

## Pagganyak

**Memory Game:**

Maghanda ng pares na larawan ng mga salita na nagsisimula sa titik M, S, A. Maaari itong laruin sa iba't ibang paraan:

- Maaaring itanong ang tunog ng mga titik na mabubuksan
- Magbigay ng salita na nagsisimula sa tunog nito
- Pagtugmain ang malaki at maliit na titik at sabihin ang tunog nito

## Pagtalakay

**Balikan: Pagsasama ng pantig at mga salita**

Babalikan ng guro ang pagsasanay na ginawa ng nakaraang session. Gamit ang letter tiles at panulat, dapat maalalayan ang mag-aaral sa kanyang pagsasanay sa pagbabasa:

- ma, sa, as, am
- Mama, sama, masa, asa, sasama, aasa, sama-sama

m + a = ma

/m/ /a/ /ma/

ma + sa = masa

/ma/ /sa/ /masa/

**Salitandaan**

**ang** — **tumutukoy sa isang tao, bagay, o hayop**

Ipaliwanag sa klase na ang mga salitandaan na madalas gamitin ng mga tao sa pangungusap. Mahalagang matutuhang basahin nang mabilis ang mga salitang ito at hindi kailangan i-*decode* o baybayin ang mga ito.

Dahil ito ay *sight words*, mahalaga na ang pangunahing *drill* ay ipabasa ng paulit-ulit ang salita bago ang *activities*.

1. Ipaulit ang pagbasa sa *flash card* (ang)
   a. Ipabasa bilang buong klase
   b. ipabasa sa pangkat
   c. ipabasa isa-isa
2. Ipaliwanag ang gamit at magbigay ng halimbawa sa paggamit sa pangungusap: **Ang mama sasama.**

## Pagsasanay

Balikan ang pagsasanay sa pagsasama ng tunog para makabuo ng pantig, at pagsasama ng pantig para makabuo ng salita. Sabayan ang mag-aaral sa paggamit ng letter tiles upang biswal na maintindihan ang pagsasama ng tunog.

- **Pantig:** "Ngayon sabayan niyo ako gamit ang inyong letter tiles. Gawin natin ang pagbuo ng pantig."
- **Word:** "Ngayon sabay-sabay tayo na magbuo ng salita gamit ang mga natutunan nating pantig."

Obserbahan kung nakakasunod ang mag-aaral at magbigay ng agarang feedback upang maitama ang technique. Isama ang pagdagdag ng "ang" bilang pangunahing salita sa pangungusap.

## Paglalagom

Ipabasa sa *learners* ang mga sumusunod, mapa-isa-isa man o pangkatan:

1. ma
2. sa
3. sama
4. masa
5. aasa
6. Ang ama aasa.
7. Ang ama, sasama sa mama.
8. Sasama sa masa ang mama.

Magtanong tungkol sa mga pangungusap na binasa:

1. Sino ang aasa? (ama)
2. Kanino sasama ang ama? (Kay mama)
3. Saan sasama si mama? (Sa masa)

Ire-*record* ng guro ang kaniyang obserbasyon sa mga mag-aaral lalo na sa kasalukuyang kakayanan at kung saan pa dapat magsanay at pagtibayin ang kasanayan.

## Pagninilay

**Pagninilay** Ibahagi ang iyong nararamdaman at karanasan sa pagsasanay sa klase. Bilugan ang *icon* na naglalarawan ng iyong nararamdaman.



## Pagtitibay sa Bahay

Paalalahanan ang mga magulang na magsanay sa bahay ng pagbuo ng mga pantig at salita gamit ang *letter tiles* at pagbabasa ng maiikling pangungusap.

# Sesyon 11: Titik I

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang titik Ii<br>2. Mabigkas ang tunog ng titik Ii<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Ii<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /i/<br>5. Makalahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik Ii | • larawan ng isang ibon<br>• word-picture flashcards para sa /i/<br>• Worksheet (paglagom) o workbook<br>• letter tiles |

## Pagganyak

**Balikan** ang kantang **"Ano ang Tunog ng Titik...M, S, A"** o ang buong kanta ng Alpabetong Pilipino.

**Hulaan ang Hayop**

Basahin ang bugtong at pahulaan sa mga mag-aaral ang hayop na tinutukoy (ibon):

**Ako'y hayop na nagsabi ng Tweet! Tweet!**
**May mga pakpak ako na gamit sa paglipad**
**Madalas lumilipad sa himpapawid**
**Maamo ang itsra at sadyang mabait**
**Ano ako?**

Ipakita ang larawan ng isang ibon. Tanungin:

- Ano ang ginagawa ng ibon? Nasaan ito?
- Saan madalas makita ang ibon? May mga ibon ba sa ating paarlan?
- Ano ang unang titik ng salitang "ibon"?

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**

Ano ang Tunog ng Titik Ii (Tune of *The Wheels on the Bus)*

***Ano ang tunog ng titik Ii, titik Ii, titik Ii***
***Ano ang tunog ng titik Ii***
***iii, ii, iii***

- **Pagpapakilala sa Titik Ii**
  - Ipakita ang *flash card* ng Ii. Sabihin, "Ito ang malking titik I at ito naman ang maliit na titik i."
  - Bigkasin ang tunog /i/ ng tatlong beses: "i, i, i..."
- **Porma ng bibig.** Ipakita ang porma ng bibig kapag ginagawa ang tunog ng /i/: "Habang nakangiti na may ngipin, magkalapat ang mga ito saka gagawa ng matinis na tunog na tulad din ng i-ibon!"
- **Paggamit ng larawan.** Ipakita muli ang mga larawan ng mga salitang nagsisimula sa /i/ at dagdagan pa ito.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Ii**

Maaaring sanayin ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng titik gamit ang *air writing, palm writing, desk writing, buddy writing, atbp.*

**Thumbs Up, Thumbs Down**

Magbanggit ng isang salita at itanong kung nasisimula ito sa tunog ng /i/. Halimbawa: **isda, ilaw, aso, mapa.** Mag-*thumbs up* (👍) ang mag mag-aaral kung nagsisimula ito sa tunog ng /i/ at *thumbs down* (👎) naman kung hindi.

**Unahan Tayo**

Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Magsasalitan ang bawat grupo sa pagbigay ng halimbawa ng bagay na nagsisimula sa /i/ o may tunog na /i/. Ang unang grupo na mawalan ng halimbawa o hindi makasagot sa loob ng 10 segundo ang talo.

**Bagong mga Pantig**

Balikan ang pagsasanay sa pagsasama ng tunog at paggawa ng pantig. Palitan ang /a/ ng /i/ upang makagawa ng mga bagong pantig:

- m + i = **mi**
- i + m = **im**
- s + i = **si**
- i + s = **is**


Gamit ang letter tiles, maaaring gabayan isa-isa o *by pair* ang pagbuo ng pantig. Maaaring magtanong ng mga bagay na nagsisimula sa mga pantig. Halimbawa: **mi**sa, ma**is, sisi, isa**

**SEL Support:**
Kapag ramdam ng mag-aaral ang positibong pagtanggap sa kanya ng isang grupo, mas nagiging *engaged* ito at *motivated* na pumasok sa paaralan, kaya maganda ang mga *group* o *collaborative activities*. Napapaigting din ang pagtutulungan ng grupo. Gabayan ang mga mag-aaral sa pantay na pagkakataon sa isa't isa sa pagsagot o paggawa ng mga hamon at paghihikayat sa isa't isa.

## Paglalagom

**Pagsasanay: Isulat ang Titik Ii**

Isulat ang i sa kahon ng bagay na nagsisimula sa /i/:



Maaari ding pasagutan ang gawain sa *workbook* tungkol sa Titik I.

## Pagtitibay sa Bahay

**Pagtukoy sa Titik Ii sa Kapaligiran**

Pumunta o sumama sa gabay sa palengke. Maghanap ng tatlong bagay na tinitinda na nagsisimula sa /i/. Maaaring iguhit ito o isulat sa sound booklet o sa isang papel.

# Sesyon 12: Titik Oo

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang titik Oo<br>2. Mabigkas ang tunog ng ng titik Oo<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Oo<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /o/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik Ii | • larawan ng isang ibon<br>• word-picture flashcards para sa M, S, A, I, at O<br>• papel at lapis/panulat<br>• letter tiles |

## Pagganyak

**Balikan** ang kantang **"Ano ang Tunog ng Titik...M, S, A, I"** o ang buong kanta ng Alpabetong Pilipino.

**Tik Tak Tik Tak (Tune: Are You Sleeping, Brother John?)**
Awitin at sayawin ang kanta upang mapasigla ang klase:

**Tik tak tik tak (2x)**
**Tunog ng orasan (2x)**
**Maghanda na tayo (2x)**
**Magbasa, magbasa!**

- Ano ang tik tak na tumutunog sa kanta? (orasan)
- Ano ang gamit ng orasan? Maaari mo bang sabihin ang oras ngayon?
- Ano ang maaari nating ipalit sa huling parte ng kanta? Ano ang mga dapat natin paghandaan? *Hal: Kumain, umuwi, atbp.*
- Sa anong titik o tunog ng titik nagsisimula ang salitang **orasan**?

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**
Ano ang Tunog ng Titik Oo (Tune of *The Wheels on the Bus)*

***Ano ang tunog ng titik Oo, titik Oo, titik Oo***
***Ano ang tunog ng titik Oo***
***o, o, o***

- **Pagpapakilala sa Titik Oo**
  - Ipakita ang flashcard ng Oo. Sabihin, "Ito ang malking titik O at ito naman ang maliit na titik o."
  - Bigkasin ang tunog /o/ ng tatlong beses: "o, o, o..."
- **Porma ng bibig.** Ipakita ang porma ng bibig kapag ginagawa ang tunog ng /o/: "Ibibilog natin ang ating mga labi at gagawin ang tunog. Ginagawa ng ating labi ang hugis ng titik O!"
- **Paggamit ng larawan.** Magpakita ng mga larawan/*flash cards* ng mga salitang nagsisimula sa titik O.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Ii**
Maaaring sanayin ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng titik gamit ang *air writing, palm writing, desk writing, buddy writing*, atbp.

**Opo o Hindi?**
Gamit ang *picture cards* ng mga salita na nagsisimula sa M, S, A, I at O. Kapag pinakita ng tutor ang card, sasagot ng "Opo!" kung ang salita ay nagsisimula sa /o/, at "Hindi!" kung nagsisimula sa /m/, /s/, /a/ at /i/. Maaaring isa-isa ang pagsagot o bilang pangkat.

**Bagong mga Pantig**
Balikan ang pagsasanay sa pagsasama ng tunog at paggawa ng pantig. Palitan ang /a/ at /i/ ng /o/ upang makagawa ng mga bagong pantig:

- m + o = **mo**
- o + m = **om**
- s + o = **so**
- o + s = **os**

Gamit ang *letter tiles*, maaaring gabayan isa-isa o *by pair* ang pagbuo ng pantig. Maaaring magtanong ng mga bagay na nagsisimula sa mga pantig. Halimbawa: sa**mo, so**mbrero, **so**bre, a**so**

## Paglalagom


**Pagsasanay: Isulat ang tamang titik**
Ipapakita sa klase ang mga larawan na ginamit sa larong "Opo o Hindi". Maaaring pumili ng sampung *cards* na halo ng mga titik na napag-aralan na. Isusulat ng mag-aaral ang titik sa kanilang papel.

Obserbahan ang mga mag-aaral na madaling nakasasagot at nakasusulat at sino ang mukhang nahihirapan ang kailangan pa ng alalay.

**Para saan ang malaking titik?**
Bago magsimula ang pagsasanay, sabihin sa klase na maghahalo ang tutor ng ilang pangalan ng tao tulad ng *Sam at Michelle*. Ipaliwanag na dapat isulat ang malaking titik para sa mga ito dahil lagi nating isinusulat ang ating mga pangalan na may malaking titik sa umpisa.

Ipaliwanag na sa pagsusulat, natutukoy natin kung tao o bagay ang tinutukoy ng salita.

## Pagtitibay sa Bahay



**Pagtukoy ng ORAS**
Sa tulong ng gabay sa bahay, itatala ng mag-aaral ang kaniyang oras ng paggising, pagpasok sa paaralan, pag-uwi sa bahay, pagkain ng hapunan, at pagtulog sa gabi. Maaari niyang iguhit ang itsura ng orasan sa mga pagkakataon na ito.

# Sesyon 13: Titik Ee

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang titik Ee<br>2. Mabigkas ang tunog ng ng titik Ee<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Ee<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /e/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik e | • word-picture flashcards para Ee<br>• papel at lapis/panulat<br>• letter tiles<br>• salitandaan flashcard |

## Pagganyak

**Balikan** ang kantang **"Ano ang Tunog ng Titik..."** o ang buong kanta ng Alpabetong Pilipino.

**Yo, Yes, Yes, Yo!**
Bigkasin ang sumusunod na patula o pa-rap at pahulaan ang sagot sa mga mag-aaral:

**Yo, yes, yes, yo(2x)**
**Malaking sasakyan (2x)**
**Lumilipad-lipad sa kalawakan**
**Ano ito? (2x)**

- Ano ang sasakyan na binanggit? (eroplano)
- Saan nakikita ang eroplano? Nakasakay ka na ba ng eroplano?
- Sa anong titik o tunog ng titik nagsisimula ang salitang **eroplano**?

**SEL Support:**
May mga mag-aaral na hindi pa nakakasakay ng eroplano dahil maaaring sa tingin nila na ito ay mahal o pangmayaman lamang. Idiin na ang paggamit ng eroplano ay para sa lahat at walang pinipiling tao. Maaari natin pagyamanin ang usapan sa pagtatanong kung saang malalayong lugar o bansa nila gusto makarating na gagamit sila ng eroplano sa hinaharap.

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**
Ano ang Tunog ng Titik Ee (Tune of *The Wheels on the Bus)*

***Ano ang tunog ng titik Ee, titik Ee, titik Ee***
***Ano ang tunog ng titik Ee***
***e, e, e***

- **Pagpapakilala sa Titik Ee**
  - Ipakita ang flashcard ng Ee. Sabihin, "Ito ang malking titik E at ito naman ang maliit na titik e."
  - Bigkasin ang tunog /o/ ng tatlong beses: "e, e, e..."
- **Porma ng bibig.** Ipakita ang porma ng bibig kapag ginagawa ang tunog ng /e/: "Habang bahagya tayong nakangiti nang may ngipin, gagawin natin ang tunog ng e!"
- **Paggamit ng larawan.** Magpakita ng mga larawan/*flash cards* ng mga salitang na nagsisimula sa /e/.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Ee**
Maaaring pagsabayin ang pagsusulat ng titik gamit ang *air writing, palm writing, desk writing, buddy writing, atbp.*

**Tama o Mali?**
Magbanggit ng isang salita at itanong kung nagsisimula ito sa tunog /e/. Hal. ng salita: *ekis, elepante, isda, araw.*

Sabihin sa mga mag-aaral na itaas ang *kaliwang paa* kung ang salita ay *nasisimula sa /e/*, at *kanang kamay* naman kung *hindi*.

**Bagong mga Pantig**
Balikan ang pagsasanay sa pagsasama ng tunog at paggawa ng pantig. Palitan ang /i/, /a/, at /o/, ng /e/ upang makagawa ng mga bagong pantig:

- m + e = **me**
- e + m = **em**
- s + e = **se**
- e + s = **es**

Gamit ang *letter tiles*, maaaring gabayan isa-isa o *by pair* ang pagbuo ng pantig. Maaaring magtanong ng mga bagay na nagsisimula sa mga pantig. Halimbawa: **me**sa, **Em**i, **me**mo

## Pagsasanay

**Ano ang unang titik?**
Pasagutan ang gawain sa Learner's Workbook. Bibilugan ang unang titik ng mga larawan.

## Salitandaan

**si** — **tumutukoy sa isang tao**

Kung may sapat na oras, maaaring ipakilala ang bagong salitandaan upang magamit sa pagbabasa ng mga pangungusap kasama ang nakaraan na salita: **ang**.

**Pagsasanay:**

1. Ipaulit ang pagbasa sa *flash card* (ang)
   a. ipabasa bilang buong klase
   b. ipabasa sa pangkat
   c. ipabasa isa-isa
2. Ipaliwanag ang gamit at magbigay ng halimbawa sa paggamit sa pangungusap: **Si Emma sasama.**
3. Humingi ng pangungusap sa klase gamit ang **si**.

# Sesyon 14: Pagsasanay (Titik I, O, at E)

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Magamit ang kaalaman sa tunog ng titik M, S, A, I, O at E sa pagbuo ng mga pantig<br>2. Maisulat nang maayos ang titik M, S, A, I, O,E sa pagbubuo ng pantig o salita<br>3. Magipagsama ng maayos ang dalawang tunog upang makabuo ng pantig<br>4. Malaman ang kahalagahan ng growth mindset at paano ito gagamitin | • Letter Tiles<br>• Kahit anong writing materials<br>• picture-letter cards<br>• Learner's Workbook |

## Pagganyak

**Memory Game:**

Maghanda ng cards na may maliit at malaking titik ng M, S, A, I, O, at E. Samahan na rin ng dalawang salitandaan na pinag-aralan: **ang** at **si**.

- Nakataob ang cards sa lamesa upang hindi makita ng players ang pares.
- Dapat mapagtugma ng *player* ang malaki at maliit na titik saka ibibigay ang tunog nito at isang salita.
- Kapag salitandaan naman ang nabuksan, kailangan ito basahin at gamitin sa pangungusap.
- Kapag nagkamali, dapat ibalik sa pagkakataob ang mga cards.
- Matatapos ang laro kapag naubos na ang cards.

**Paalala***:* Maaaring isulat lang sa papel o *recycled* na makapal na karton ang mga salita. Itago sa isang plastic o lalagyan upang malaro muli ng mga mag-aaral.

## Pagtalakay

**Balikan: Pagsasama ng pantig at mga salita**

Ipapaliwanag ng tutor ang pagsasanay na gagawin ng klase sa sesyon na nakapokus sa pagsasanay na:

- magsama ng tunog upang makabuo ng pantig
- magsama ng pantig upang makabuo ng salita
- magsama ng mga salita at salitandaan upang makabuo ng maikling pangungusap.

I-*demonstrate* ng guro ang *reading strategy* na sasanayin pagkatapos. Maaaring gamitin ang *letter tiles* o isulat sa *blackboard/whiteboard.*

s o

"Tandaan na kapag dahan-dahan natin binigkas ang tunog, makakabuo tayo ng pantig, tulad ng pagsasama ko sa /s/ at /o/ para mabuo ang sssssoooooo, sssoooo, so"

1. s i + s o =
2. s i s o
3. ang s i s o

## Pagsasanay

Paalala: **Gamitin ang scaffolding technique na *I do, we do, you do***

Gabayan ang mga mag-aaral bilang isang klase o isa-isa sa pagsasanay sa pagbuo ng mga sumusunod:

Pantig:

- m+a = ma
- s+a= sa
- m+i = mi
- s+i = si
- m+o = mo
- s+o= so
- m+e = me
- s+e = se

Salita:

- masa, sama, misa, sisi, asa, aasa, mais, miso, amo, siso, oso, Mimi, isa, iisa, Ami, mama, ama

Pangungusap:

- Sasama sa misa si Sisa.
- Ang ama, aasa.
- Si Siso ang amo.
- Si Ami ay may aso.

*Maaaring magbigay ng simpleng comprehension question tungkol sa binasang pangungusap.*

## Paglalagom

**Learner's Workbook, p. 22**

Subukang basahin ang mga pantig at salita. Lagyan ang box ng *check* kapag ito ay nabasa.

## Pagtitibay sa Bahay

Paalalahanan ang mga magulang na magsanay sa bahay ng pagbuo ng mga pantig at salita gamit ang letter tiles at pagbabasa ng maiikling pangungusap.

## Check-in #1

**Ang susunod na sesyon (15) ay nakalaan para sa Check-in #1. Naglalayon ang check-in na ito upang masukat ng tutor ang kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang kakayahan sa pagbabasa. Basahin nang maigi ang *instruction guide* na nasa p. 37. Gamitin ang Check-in Tools na makikita sa p. 38-40.**


# Sesyon 16: Titik Bb

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang titik Bb<br>2. Mabigkas ang tunog ng ng titik Bb<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Bb<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /b/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik b | • malalaking label ng M, S, A, I, at O<br>• 5 box o basket<br>• magaan na bola o crumpled paper<br>• picture-word cards ng M, S, A, I, at O<br>• papel at lapis/panulat<br>• letter tiles |

## Pagganyak

**Balikan:** Sound and Shoot

1. Lagyan ng label na /m/, /s/, /a/, /i/, /o/ sa maliliit na *box* or *basket*. Kung wala nito, maaaring isulat ito sa papel o gamit ang *chalk* at ilagay sa sahig.
2. Gamit ang isang bola or *crumpled paper ball*, i-shu-*shoot* ng mag-aaral ang kanilang bola sa tamang basket na may unang tunog ng salita na sasabihin ng guro.




## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**

Ano ang Tunog ng Titik Bb (Tune of *The Wheels on the Bus*)

***Ano ang tunog ng titik Bb, titik Bb, titik Bb***
***Ano ang tunog ng titik Bb***
***b, b, b***

- **Pagpapakilala sa Titik Bb**
  - Ipakita ang flashcard ng Bb. Sabihin, "Ito ang malking titik B at ito naman ang maliit na titik b."
  - Bigkasin ang tunog /b/ ng tatlong beses: "b, b, b..."
- **Porma ng bibig.** Ipakita ang porma ng bibig kapag ginagawa ang tunog ng /b/: "Una, magkalapat ang ating mga labi, sabay pabuga natin sasabihin ang tunog ng titik B, /b/!
- **Paggamit ng larawan.** Magpakita ng mga larawan/*flash cards* ng mga salitang nagsisimula sa /b/.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Bb**

Maaaring sanayin ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng titik gamit ang *air writing*, *palm writing*, *desk writing*, *buddy writing*, *atbp*.

**Bzzz...Buzzz!**

Magpapanggap na mga bubuyog na tulog ang mga mag-aaral na nakaupo sa sahig. Magbabanggit ang tutor ng mga salita na may iba't ibang unang tunog. Kapag narinig ng mga mag-aaral ang mga salita na mag /b/ tulad ng *butones*, *baboy*, *baka*, sila ay lilipad sa paligid na parang mga bubuyog na nakawala sa bahay! Hihinto lang ang mga bubuyog kapag nagpalit ng salita ang tutor.

**Bagong mga Pantig**

Balikan ang pagsasanay sa pagsasama ng tunog at paggawa ng pantig.


- b + a = **ba**
- b + i = **bi**
- b + o = **bi**

Gamit ang *letter tiles*, maaaring gabayan isa-isa o *by pair* ang pagbuo ng pantig. Maaaring magtanong ng mga bagay na nagsisimula sa mga pantig. Halimbawa: **bibo, iba, baso, saba, mababa**

## Paglalagom

**Pagbuo ng salita**

Sa Learner's Workbook, sasagutan ng mga mag-aaral ang Sesyon 16 (p. 23) kung saan kailangan mabuo ang salita sa pagbibigay ng nawawalang pantig na may /b/. Maaaring i-*review* muli ang pagbuo ng pantig at linawin ang mga larawan bago sumagot ang mga mag-aaral.


Gawain 1 Isulat sa patlang ang nawawalang pantig upang mabuo ang mga salita. Piliin ang sagot sa mga pantig na nakalista.

ba bi bo

1. __sa
2. __la
3. sa__
4. ba__
5. __be
6. __so

**SEL Support:**
Sa pagdami ng mga titik na natutunan ng mga bata, tumataas din ang hamon sa kanila na makabasa. Obserbahang mabuti kung may mag-aaral na nahihirapan pa rin sa pagpapantig at pagtukoy sa tunog ng titik at bigyan ng *1-on-1 review* kung kinakailangan. Ang *1-on-1 review* ay makatutulong hindi lamang sa pagtiyak na walang nahuhuli sa remediation class, kundi nagkakaroon din tayo ng pagkakataon na mas makilala ang mga mag-aaral, ang kanilang nararamdaman, kalakasan at saan natin sila mas masusuportahan pa bilang indibidwal.



## Pagtitibay sa Bahay

**Ang aking BAHAY**

Sa isang papel, iguguhit ng mga mag-aaral ang kani-kanilang bahay. Hikayatin ang gabay sa bahay na tulungan pagandahin ang larawan. Dapat matukoy sa iginuhit ang kanilang paboritong parte ng bahay at kung bakit.

# Sesyon 17: Titik Uu

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang titik Uu<br>2. Mabigkas ang tunog ng ng titik Uu<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Uu<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /u/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik U | • malalaking label ng M, S, A, I, at O<br>• 5 box o basket<br>• magaan na bola o crumpled paper<br>• picture-word cards ng M, S, A, I, at O<br>• papel at lapis/panulat<br>• letter tiles |

## Pagganyak

**Balikan: Makinig at Sumunod**

1. Ipapaliwanag ng tutor na siya ay magbibigay ng mga "utos" na dapat sundin ng mag-aaral. Maaari itong gawin bilang pangkat o isa-isa.
2. Ang mga "utos" ay mga kilos na may kasamang mga salita na nagsisimula sa titik Uu.

Halimbawa:
- Mag-**USAP** nang pabulong.
- Magkunwaring kumain ng **UBAS.**
- Gumuhit ng **ULAP** sa hangin gamit ang inyong paa.
- Kunwari ay kakagising lang sa **UMAGA.**
- Sumayaw na parang **UNGGOY.**

Balikan ang mga susing salita sa klase at tanungin kung natukoy nila kung saang titik ito nagsisimula. Ipakilala ang titik na pag-aaralan sa sesyon.

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**

Ano ang Tunog ng Titik Uu (Tune of *The Wheels on the Bus*)

***Ano ang tunog ng titik Uu, titik Uu, titik Uu***
***Ano ang tunog ng titik Uu***
***u, u, u***

- **Pagpapakilala sa Titik Uu**
  - Ipakita ang *flash card* ng Uu. Sabihin, "Ito ang malaking titik U at ito naman ang maliit na titik u."
  - Bigkasin ang tunog /u/ ng tatlong beses: "u, u, u…"
- **Porma ng bibig.** Ipakita ang porma ng bibig kapag ginagawa ang tunog ng /u/: "Ang labi natin ay nakanguso at magbibigay ng tunog katulad ng isang *unggoy!"*
- **Paggamit ng larawan.** Magpakita ng mga larawan/*flash cards* ng mga salitang nagsisimula sa /u/.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Uu**

Maaaring sanayin ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng titik gamit ang *air writing, palm writing, desk writing, buddy writing, atbp.*

**U o O**

1. Magpakita ng dalawang larawan: isang nagsisimula sa /o/ at isa sa /u/.
2. Kapag nagsisimula sa /u/, aarte na parang unggoy, kapag /o/ naman ay gagawa ng bilog sa kanilang ulo.

**SEL Support:**
Sa ibang wika, kadalasan ay napagpapalit ang tunog ng /u/ at /o/ kaya't mahalaga na maging masensitibo tayo sa pagkilatis kung ang pagkakamali ng mag-aaral ay dahil sa personal na konteksto o dahil kailangan pa ng mas maigting na paggabay sa pagbabasa.

**Bagong mga Pantig**


Balikan ang pagsasanay sa pagsasama ng tunog at paggawa ng pantig.
- b + u = **bu**
- m + u = **mu**
- s + u = **su**

Gamit ang *letter tiles*, maaaring gabayan isa-isa o *by pair* ang pagbuo ng pantig. Maaaring magtanong ng mga bagay na nagsisimula sa mga pantig. Halimbawa: **subo, ubas, usa, uso, usisa, susi**

## Paglalagom

**Pagbuo ng salita**

Sa Learner's Workbook, sasagutan ng mga mag-aaral ang p. 24. Isusulat sa kahon ang pangalan ng bawat larawan. Hanapin ang sagot sa mga salita na nasa kahon.




## Pagtitibay sa Bahay

**Mga salita sa aking paligid**

Maghanap sa bahay o sa komunidad ng mga bagay na nagsisimula sa /u/. Isulat ito o iguhit sa kuwaderno.

# Sesyon 18: Salitandaan (May, Mga)

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang mga bagong salitandaan: *sina*, *sila*, *mga*, *ay*<br>2. Mabasa ang mga salitandaan<br>3. Matukoy sa pangungusap ang mga salitandaan<br>4. Makapagbigay ng maikling pangungusap gamit ang mga salitandaan | • malalaking label ng M, S, A, I, at O<br>• 5 box o basket<br>• magaan na bola o crumpled paper<br>• picture-word cards ng M, S, A, I, at O<br>• papel at lapis/panulat<br>• letter tiles |

## Pagganyak

**Balikan: Ano ang Salita?**

1. Sa pisara, nakasulat ang mga salitandaan na may kulang na mga titik.
2. Upang mabuo ito, ilalarawan ng tutor ang isang salita na huhulaan ng mga mag-aaral.
3. Kapag nahulaan nila ang salita, tutukuyin nila ang unang titik o tunog na ito na siyang tutulong mabuo ang salitandaan.

Halimbawa:

_i

Tutor: "Upang mabuo ang salita, sagutin muna kung ano ito: **Isang prutas na minsan *green*, minsan *yellow*. Kapag nabugbog, mas matamis ito!"**

**Saging!**

"Tama, saging nga ang sagot. Sa anong tunog nagsisimula ang saging?"

Sa /s/!

"Tama uli, sa /s/. Nakuha niyo ang nawawalang titik. Isulat na natin ito upang mabuo ang salita. Ang nabuo natin ay ang salitandaan na "si".


Gawin ito para sa ang, *mga, at may*. Kung hindi pa napapag-aralan ang tunog, maaaring isagot ng mga bata ang pangalan ng titik.

Sabihin sa klase na ang pag-aaralan ngayon ay ang mga salitandaan na makatutulong upang mapadali ang pagbabasa o pagbuo ng isang pangungusap.

**SEL Support:**
Minsan sa kagalakan ng mga bata sa paglahok sa mga laro o diskusyon sa klase, hindi maiiwasan na tumaas ang kanilang *energy* at maging maligalig. Sa ganitong pagkakataon, mahihirapan ang bata makinig at sumunod sa classroom rules dahil sila ay *disregulated*.

Upang matulungan sila, maaaring tayong magsagawa ng **breathing exercise** para matulungan silang kumalma at mas maging *focused* sa mga susunod na parte ng pag-aaral.

Maaaring makita ang isang halimbawa dito sa video: **1 min Breathing Exercise for Kids**



## Pagtalakay

Dahil ito ay *sight words* o salitandaan, mahalagang ang pangunahing *drill* ay ipabasa ng paulit-ulit ang salita bago ang *activities*.

1. Ipaulit ang pagbasa sa *flash card* (ang)
   a. Ipabasa bilang buong klase
   b. ipabasa sa pangkat
   c. ipabasa isa-isa
2. Ipaliwanag ang gamit at magbigay ng halimbawa sa paggamit sa pangungusap.


**mga** — **Tumutukoy sa 2 o higit pa na tao, bagay, o hayop**

**may** — **Nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng isang bagay**

## Pagsasanay

Gabayan ang klase sa pagbabasa ng salitandaan na may kasamang salita:

Halimbawa:

mga 

may 

mga a s o

may b a b a e

## Pagtitibay sa Bahay

**Pagsasanay sa bahay**
Gamitin ang isa o dalawa sa pangunahing salita sa pakikipag-usap sa bahay.

# Sesyon 19: Pagsasanay (Titik B, U, at Salitandaan)


| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Magamit ang kaalaman sa tunog ng mga titik napag-aralan sa pagbubuo ng pantig, salita, at hindi salita<br>2. Maipakita ang kasanayan sa pagsasama ng tunog kahit pagbaliktarin ang mga ito<br>3. Maipagsama nang maayos ang dalawang tunog upang makabuo ng pantig<br>4. Malaman ang kahalagahan ng *growth mindset* at paano ito gagamitin | • Letter Tiles<br>• Kahit anong writing materials<br>• Alphabet flashcards (mas maigi kung malaki)<br>• Learner's Workbook |

## Pagganyak

**Balikan: Mga pantig ng titik U at B**

1. Magtatakda ang tutor ng isang titik/tunog sa bawat mag-aaral. Ipapahawak sa kanya ang *assigned flashcard* o malaking *cardboard* na may titik.
2. Hihilera ang mga mag-aaral na nakaharap sa tutor.
3. Balikan muna ang mga nakaraang tunong na pinag-aralan mula una hanggang nakaraang sesyon (m-u).
4. Kapag binanggit ang pantig, dapat magtabi ang dalawang mag-aaral na may hawak ng mga tunog.
5. Maaari ding subukan na gumawa ng salita.

"Gusto kong mabuo ang salitang *babae*, kaya kailangan ko ng tatlong pantig (ipalakpak): ba, ba, e. Simulan natin sa "ba", buoin ang pantig na "ba".




## Pagtalakay

**Balikan: Pagsasama ng pantig at mga salita**

**Talakayin: Pag-iiba ng puwesto ng titik, parehong pantig lang ba?**

Ngayon na may kasanayan na ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pantig at salita, palawigin ang kanilang *critical thinking* sa pagbabago ng puwesto ng tunog o *phoneme manipulation.*

*Hal: "Kapag pinagsama natin ang /b/ at /a/, magagawa natin ang pantig na ba. Paano kapag pinagpalit ko sila ng puwesto.*

**a** **b**

*Pantig "ba" pa rin ba ito? Tandaan na sa pagbabasa, lagi tayong magsisimula sa kaliwa pakanan.*

Bigyan ang mga mag-aaral ng "thinking time."

*"Tama, 'ab' ang basa dito. Paano kapag pinagsama ko naman ang mga tunog na ito, magkapareho lang ba sila? Bakit?"*

**b** **u**     **u** **b**

**Note:** Maaaring makita sa *quick assessment* na ito ang lalim ng kasanayan ng mag-aaral sa *blending* o nakakabisado lang ang mga pantig. Ihalo ang mga *hindi salita* sa pagsasanay. Bigyan ng patuloy na pag-alalay ang mga mag-aaral na nalilito pa.

## Pagsasanay

**Paalala: Gamitin ang scaffolding technique na *I do, we do, you do.***

| | |
|---|---|
| m + a = **ma** | a + m = **am** |
| m + e = **me** | e + m = **em** |
| m + i = **mi** | i + m = **im** |
| m + o = **mo** | o + m = **om** |
| m + u = **mu** | u + m = **um** |
| b + a = **ba** | a + b = **ab** |
| b + e = **be** | e + b = **eb** |
| b + i = **bi** | i + b = **ib** |
| b + o = **bo** | o + b = **ob** |
| b + u = **bu** | u + b = **ub** |
| s + a = **sa** | a + s = **as** |
| s + e = **se** | e + s = **es** |
| s + i = **si** | i + s = **is** |
| s + o = **so** | o + s = **os** |
| s + u = **su** | u + s = **us** |

Ipagamit sa klase ang letter tiles sa pagbuo at pagbasa ng mga pantig.

## Paglalagom

**Pagbaybay:**

Gamit ang panulat o *letter tiles*, ipabaybay sa estuyante ang kahit ano sa sumusunod na salita o hindi salita:

*Hindi salita:*

- **ebis, eme, abe, ub, uba**

*Salita:*

- **aba, iba, bibo, babae, saba, mababa, ibaba, maiba, susi, umasa, usa, mausisa**


**Pagbabasa ng Pangungusap**

- May usa si ama.
- Iisa ang usa.
- Ang usa ay umaasa.
- Bibo ang bibe mo.
- Isasama mo ba ang bibe mo sa ibaba?

*Maaaring magbigay ng simpleng comprehension question tungkol sa binasang pangungusap.*

## Pagtitibay sa Bahay

**Learner's Workbook, p. 27.**



**Gawain** Isulat sa patlang ang nawawalang pantig para mabuo ang pangungusap.

**Halimbawa:** Si Ema ay may aso.

1. Si Mama ay may **ub_.**
2. May **ub_s** sa **m_sa.**
3. May **_sa** sa labas.
4. May **u_e** ang ama.
5. May **s_si** si bunso.

# Sesyon 20: Titik Kk at Ll

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang mga titik Kk at Ll.<br>2. Mabigkas ang tunog ng mga titik Kk at Ll.<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Kk at Ll.<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /k/ at /l/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa mga titik Kk at Ll. | • Week 1-4 Letter Cards<br>• bola<br>• speaker |

## Pagganyak

**Pass the Ball**

1. Ipapatugtog ng guro ang kantang *Bahay Kubo* gamit ang *speaker* o nang naka-*acapella*.
2. Habang tumutugtog ang kanta, ipapasa ang bola sa klase.
3. Kapag tumigil ang kanta, ang huling nakahawak ng bola ay sasabihin ang tunog na ipapakita ng guro gamit ang *letter cards* mula sa Linggo 1 - 4.

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**

Ano ang Tunog ng Titik Kk at Ll (Tune of *The Wheels on the Bus)*

***Ano ang tunog ng titik Kk, titik Kk, titik Kk***
***Ano ang tunog ng titik Kk***
***/k/,/k/,/k/***

***Ano ang tunog ng titik Ll, titik Ll, titik Ll***
***Ano ang tunog ng titik Ll***
***/l/,/l/,/l/***

- **Pagpapakilala sa Titik Kk at Ll**
  - Ipakita ang *flash card* ng Kk at Ll.
  - Sabihin at ituro ang malaki at maliit na titik Kk at Ll.
  - Bigkasin ang tunog /k/ ng tatlong beses: "k, k, k..."
  - Bigkasin ang tunog /l/ ng tatlong beses: "l, l, l..."
- **Paggamit ng larawan.** Magpakita ng mga larawan/ *flash cards* ng mga salitang nagsisimula sa tunog /k/ at /l/.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Kk at Ll**

Maaaring sanayin ang mga-mag-aaral sa pagsusulat ng titik gamit ang *learner's workbook, air writing, palm writing, desk writing, buddy writing, atbp.*

**Bahay Kubo**

1. Balikan ang kantang Bahay Kubo. Kantahin ito kasama ang mga mag-aaral.
2. Pagkatapos kantahin ng mga mag-aaral ang Bahay Kubo, tanungin sila kung ilan at anong mga salita ang nagsisimula sa tunog ng /k/ at tunog ng /l/.

Kantahin:

Bahay **kubo**, **kahit** munti
Ang halaman doon ay sari-sari
Singkamas at talong
Sigarilyas at mani
Sitaw, bataw, patani
**Kundol**, patola, upo't **kalabasa**
At saka mayro'n pang
**Labanos**, mustasa
Sibuyas, **kamatis**, bawang at **luya**
Sa paligid-ligid ay puno ng **linga**

5 salitang nagsisimula sa tunog /k/
3 salitang nagsisimula sa tunog /l/

**SEL Support:**
Kung ang mag-aaral ay hindi pa kumportable kumanta nang mag-isa, maaaring sumabay sa kanyang mga kasama. Maghanda rin ng alternatibong paraan bukod sa pagkanta para mas maintindihan ng mag-aaral ang aralin.

**Bagong mga Pantig**


Balikan ang pagsasanay sa pagsasama ng tunog at paggawa ng pantig.


- k + (a, e, i, o, u)
- (a, e, i, o, u) + k
- l + (a, e, i, o, u)
- (a, e, i, o, u) + l

## Paglalagom

**Pagbuo ng salita**

Sa Learner's Workbook (pp. 29-30), sasagutan ng mga mag-aaral ang gawain gamit ang titik Kk at titik Ll.




## Pagtitibay sa Bahay

**Mga salita sa aking paligid**

Iguhit sa kaliwang bahagi ng bahay kubo ang larawan ng mga salitang nagsisimula sa tunog na /k/ at iguhit naman sa kanang bahagi ng bahay kubo ang larawan ng mga salitang nagsisimula sa tunog /l/.

# Sesyon 21: Titik Tt at Nn

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang mga titik Tt at Nn.<br>2. Mabigkas ang tunog ng mga titik Tt at Nn.<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Tt at Nn.<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /t/ at /n/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa mga titik Tt at Nn. | Message Relay:<br>• papel<br>• bell<br><br>Tina at Nito Sorting Activity:<br>• mga larawan na nagsisimula sa Tt at Nn<br>• tape o pandikit |

## Pagganyak

**Message Relay**

1. Bumuo ng pangkat na may 4-6 na miyembro.
2. Ipaliwanag sa mga bata na sila ay magiging mensahero. May ipapasang mensahe na unang matatanggap ng nasa dulong miyembro at ipapasa niya ang mensahe sa unahan.
3. Kapag nakaabot na ang mensahe sa unang nakapila, sasabihin niya sa harap ang natanggap na mensahe.

Itanong:
**Saan niluto ni Ana ang niyog at nata ni Nita?**

Balikan ang mga nagdaang titik at susing salita sa klase. Ipakilala ang mga bagong titik na pag-aaralan sa sesyon.

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**

Ano ang Tunog ng Titik Tt at Nn (Tune of *The Wheels on the Bus)*

***Ano ang tunog ng titik Tt, titik Tt, titik Tt***
***Ano ang tunog ng titik Tt***
***/t/,/t/,/t/***

***Ano ang tunog ng titik Nn, titik Nn, titik Nn***
***Ano ang tunog ng titik Nn***
***/n/,/n/,/n/***

- **Pagpapakilala sa Titik Tt at Nn**
  - Ipakita ang *flash card* ng Tt at Nn.
  - Sabihin at ituro ang malaki at maliit na titik Tt at Nn.
  - Bigkasin ang tunog /t/ ng tatlong beses: "t, t, t..."
  - Bigkasin ang tunog /n/ ng tatlong beses: "n, n, n..."
- **Paggamit ng larawan.** Magpakita ng mga larawan/*flash cards* ng mga salitang nagsisimula sa tunog /t/ at /n/.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Tt at Nn**

Maaaring sanayin ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng titik gamit ang *learner's workbook, air writing, palm writing, desk writing, buddy writing*, atbp.

**Para kay Tina at para kay Nito**

1. Gumuhit ng dalawang *column* sa papel o sa pisara.
2. Magpakita ng larawan ang guro. Tanungin ang mga bata kung ano ang unang tunog.
3. Kapag nagsisimula sa /t/, ipapaskil ang larawan sa *column* ni Tina, kapag /n/ naman ay ipapaskil ang larawan sa *column* ni Nito.
4. Maaaring tumawag ng isang bata para mapaskil ng larawan at bigkasin ulit ang unang tunog ng salita sa harapan.

**SEL Support:**
Bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng dalawang titik. Sa tuwing may sumasagot sa pisara, ipaalala sa mga kasama na iwasan ang pagsabi ng masasakit na salita at ipaunawa sa mag-aaral na huwag matakot magkamali.

**Bagong mga Pantig**

Balikan ang pagsasanay sa pagsasama ng tunog at paggawa ng pantig.

- t + (a, e, i, o, u)
- (a, e, i, o, u) + t
- n + (a, e, i, o, u)
- (a, e, i, o, u) + n

## Paglalagom

**Pagbuo ng salita**

Sa Learner's Workbook (p. 31), sasagutan ng mga mag-aaral ang Matching Type *activity* gamit ang titik Tt at titik Nn.

**Gawain** Piliin sa Hanay B ang nawawalang pantig upang mabuo ang salita.

| A. | B. |
|---|---|
| 1. ma__ | a. to |
| 2. bu__ | b. ni |
| 3. __la | c. ta |
| 4. __pa | d. no |
| 5. __bo | e. nu |
| 6. __ta | f. te |
| | g. tu |

## Pagtitibay sa Bahay

**Mga salita sa aking paligid**

Sabihan ang mga mag-aaral na lapitan ang kanilang nanay, tatay, o gabay sa bahay at magpatulong na maglista ng mga bagay na nagsisimula sa tunog ng /t/ at /n/.

# Sesyon 22: Titik Ww, Yy

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Makilala at matukoy ang mga titik Ww at Yy.<br>2. Mabigkas ang tunog ng mga titik Ww at Yy.<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Ww at Yy.<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /w/ at /y/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa mga titik Ww at Yy. | • Kwento" "Naay! Taay!" (physical or digital copy: **https://www.youtube.com/watch?v=KsUTh8_BBIA**)<br>• speaker<br>• crayon |

## Pagganyak

**Storytelling: Naay! Taay!**

1. Basahin sa harap ng klase ang kuwentong **Naay! Taay!** ni Kristine Canon. Maaari ding ipalabas sa *video* ang kuwento kung walang kopya ng libro ang guro.
2. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang naiintindihan nila sa kuwento. Hikayatin silang magbahagi ng sarili nilang karanasan mula sa kanilang mga gabay sa bahay.

**Makulay ang Buhay sa Sinabawang Gulay Song**

1. Patugtugin ang kantang **Knorr Makulay ang Buhay sa Sinabawang Gulay** at sabayan ang mga mag-aaral sa pagkanta at pagsayaw nito.
2. Balikan ang mga nagdaang titik at susing salita sa klase. Ipakilala ang mga bagong titik na pag-aaralan sa sesyon.

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**

Ano ang Tunog ng Titik Ww at Yy (Tune of *The Wheels on the Bus*)

***Ano ang tunog ng titik Ww, titik Ww, titik Ww***
***Ano ang tunog ng titik Ww***
***/w/,/w/,/w/***

***Ano ang tunog ng titik Yy, titik Yy, titik Yy***
***Ano ang tunog ng titik Yy***
***/y/,/y/,/y/***

- **Pagpapakilala sa Titik Ww at Yy**
  - Ipakita ang flashcard ng Ww at Yy.
  - Sabihin at ituro ang malaki at maliit na titik Ww at Yy.
  - Bigkasin ang tunog /w/ ng tatlong beses: "w, w, w..."
  - Bigkasin ang tunog /y/ ng tatlong beses: "y, y, y..."
- **Paggamit ng larawan:** Magpakita ng mga larawan/*flash cards* ng mga salitang nagsisimula sa tunog /w/ at /y/.

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Ww at Yy**

Maaaring sanayin ang mga mag-aaral sa ang pagsusulat ng titik gamit ang *learner's workbook, air writing, palm writing, desk writing, buddy writing*, atbp.

**WOW! o AY!**

Magbanggit o magpakita ng larawan ng mga pagkain sa mga mag-aaral. Kung gusto nila ang pagkain, sabihin ang "Wow!" at thumbs up sign. Kung hindi nila gusto ang pagkain, sabihin ang "Ay!" at thumbs down sign.

Mga pagkain:

| | |
|---|---|
| yema | adobong atay |
| lechon kawali | adobong sitaw |
| isda na may sabaw | Yakult |
| gulay | marshmallow |

**SEL Support:**
Maaaring magbanggit ng mga pagkain na naaayon sa kultura at konteksto ng mag-aaral.
Ang titik na **Ww** at **Yy** ay maaaring nakalilito sa ibang mag-aaral. Patibayin ang loob ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng titik at gabayan sila sa pagbigkas ng tamang tunog nito.

**Bagong mga Pantig**


Balikan ang pagsasanay sa pagsasama ng tunog at paggawa ng pantig.

- w + (a, e, i, o, u)
- (a, e, i, o) + w
- y + (a, e, i, o, u)
- (a, e, i, o, u) + y

## Paglalagom

**Pagbuo ng salita**

Sa Learner's Workbook (pp. 32-33), sasagutan ng mga mag-aaral ang gawain gamit ang titik Ww at titik Yy.




## Pagtitibay sa Bahay

**Mga salita sa aking paligid**

Sa isang malinis na papel, pumili ng isang larawan na gustong iguhit:
1. Watawat ng Pilipinas
2. Pangarap na Bahay

Ipakita ang naguhit na larawan sa susunod na sesyon.

# Sesyon 23: Pagsasanay (Titik K, L, T, N, W, at Y)

| Mga Layunin | Kagamitan |
|---|---|
| 1. Magamit ang kaalaman sa tunog ng mga titik napag-aralan sa pagbubuo ng pantig, salita, at hindi salita<br>2. Maipakita ang kasanayan sa pagsasama ng tunog kahit pagbaliktarin ang mga ito<br>3. Maipagsama nang maayos ang dalawang tunog upang makabuo ng pantig<br>4. Malaman ang kahalagahan ng *growth mindset* at paano ito gagamitin | • Marungko bingo card<br>• letter tiles<br>• learner's workbook |

## Pagganyak

**Balikan: Guess the Letter**

1. Bawat isang mag-aaral ay bubunot ng titik.
2. Ipapahula niya ang **tunog** ng nabunot na titik gamit ang tono na ibibigay ng guro.
3. Ang unang makahula ng titik ang siyang susunod na magpapahula na bagong titik gamit ang tono ng isang kanta.

Titik at Tono ng Kanta:

Kk - Tune of Happy Birthday To You
Ll - Tune of Jingle Bells
Tt - Tune of London Bridge Is Falling Down
Nn - Tune of Twinkle Twinkle Little Star
Ww - Tune of Bahay Kubo
Yy - Tune of Tatlong Bibe

Maaaring gumamit ng kanta na mas pamilyar ang guro at ayon sa kultura at konteksto ng mag-aaral.

## Pagtalakay

**Pagpapantig gamit ang CVC pattern**

Ngayon na may kasanayan na ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pantig at salita, palawigin ang kanilang *critical thinking* sa pagbabago ng puwesto ng tunog o *phoneme manipulation* gamit ang CVC pattern.

*Hal:*
*"Kapag pinagsama natin ang /k/,/a/ at /n/, magagawa natin ang pantig na 'kan.' Paano kapag pinagpalit ko sila ng puwesto.*

| | | |
|---|---|---|
| k | a | n |
| n | a | k |

*Pantig "kan" pa rin ba ito? Tandaan na sa pagbabasa, lagi tayong magsisimula sa kaliwa pakanan.*

Bigyan ang mga mag-aaral ng "thinking time".

*"Tama, 'nak' ang basa dito. Subukan naman natin sa mga titik na ito. Paano kaya natin babasahin ito kapag pinagpalit ko ang una at dulong titik?*

| | | |
|---|---|---|
| l | i | t |
| t | i | l |

**Note:** Maaaring makita sa *quick assessment* na ito ang lalim ng kasanayan ng mag-aaral sa *blending* o nakakabisado lang ang mga pantig. Maghalo ng mga *hindi salita* sa pagsasanay. Bigyan ng patuloy na pag-alalay ang mga mag-aaral na nalilito pa.

## Pagsasanay

**Paalala: Gamitin ang *scaffolding technique* na *I do, we do, you do.***

| | |
|---|---|
| ka + n = **kan** | na + k = **nak** |
| ke + n = **ken** | ne + k = **nek** |
| ki + n = **kin** | ni + k = **nik** |
| ko + n = **kon** | no + k = **nok** |
| ku + n = **kun** | nu + k = **nuk** |
| la + t = **lat** | ta + l = **tal** |
| le + t = **let** | te + l = **tel** |
| li + t = **lit** | ti + l = **til** |
| lo + t = **lot** | to + l = **tol** |
| lu + t = **lut** | tu + l = **tul** |
| ya + k = **yak** | wa + l = **wal** |
| ye + k = **yek** | we + l = **wel** |
| yi + k = **yik** | wi + l = **wil** |
| yo + k = **yok** | wo + l = **wol** |
| yu + k = **yuk** | wu + l = **wul** |

Ipagamit sa klase ang *letter tiles* sa pagbuo at pagbasa ng mga pantig.

## Paglalagom

**BINGO (Learner's Workbook, p. 34)**

Gamit ang mga titik na Tt, Ll, Nn, Kk, Ww, at Yy, magbasa ng mga pantig o salitang mamarkahan ng mga mag-aaral. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagkumpleto ng *puzzle*.




## Pagtitibay sa Bahay

Sagutan ang **Gawain 2** ng Sesyon 23 sa Learner's Workbook (p. 35)

## Check-in #2

**Ang susunod na <u>sesyon (24)</u> ay nakalaan para sa Check-in #2 Naglalayon ang *check-in* na ito upang masukat ng tutor ang *mastery* ng mga mag-aaral sa iba't ibang kakayahan sa pagbabasa. Basahin maigi ang *instruction guide* na nasa p. 37. Gamitin ang Check-in Tools na makikita sa pp. 41-44.**

# Sesyon 25: Titik Gg at NGng

| Mga Layunin | Kagamitan |
| --- | --- |
| 1. Makilala at matukoy ang titik Gg at Ngng<br>2. Mabigkas ang tunog ng ng titik Gg at Ngng<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Gg at Ngng<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /g/ at /ng/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik Gg at Ngng | <br>• Flash card: Gg, NGng<br>• Picture word cards for /g/ at /ng.<br>• Learner's workbook |

## Pagganyak

**Storytime: "Magnificent Benito ang His Two Front Teeth"**

- Digital: https://tinyurl.com/MagnificentBenito

Dahil bahagyang mahaba ang kwento para sa mga Grade 1 at 2, maaari ding i-*summarize* ang kuwento. Maaaring ipresenta ang mga larawan sa kuwento o i-*print* ito para mapakilala pa rin ang mga tauhan, tagpuan, at mga tagpo.

**Susing salita (ibigay ang kahulugan bago sumulan ang kwento):**
*ngipin, ngabngap, ngiti, galak*

Mga (maaaring) tanong:

1. Sino ang pangunahing tauhan o *bida* sa kwento natin?
2. Anong parte ng katawan ni Benito ang ikinahihiya niya? Bakit siya nahihiya dito?

3. Ano ang mga ginawa ni Benito para matanggal ang malalaking ngipin nya?
4. Sa huli, paano natanggap ni Benito ang kanyang mga ngipin?
5. Ikaw, may bahagi ba ng katawan mo na ikinahihiya mo? Anong bahagi naman ng katawan mo ang sa tingin po pinakamaganda sayo?

**SEL Support:**
Sa pagbabahagi ng mga bata tungkol sa kanilang katawan na hindi nila masyado gusto, pinagtatawanan ng iba, o ikinahihiya nila, pagtibayin natin ang pananaw na lahat tayo ay naiiba at walang mali. Sa pisikal na pangangatawan, iba-iba tayo ng itsura, hugis at laki. Hindi ito dapat pagtawanan o ikahiya. Ang mahalaga ay maging mabuti tayong tao na marunong gumalang sa iba at ipinagbubuti ang ating mga sarili, tulad ni Benito na naging *proud* sa kanyang mga ngipin!

Pagkatapos ng pag-uusap sa kuwento, balikan ang mga salitang susi at i-*highlight* ang mga unang titik at tunog nito (G at NG) upang makonekta sa aralin ng sesyon.

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**
Ano ang Tunog ng Titik Gg at NGng (Tune of *The Wheels on the Bus)*

**Pagpapakilala sa Titik Gg**

- **Pangalan:** *Ito ang titik Gg, ang pangalan nila ay Gg*
- **Pagsulat:** *Ito ang malaking G, ito ang maliit na g*
- **Tunog:** *Ang tunog ng Gg ay /g/ tulad ng sa g-g-gabi o g-g-gulay o g-g-galak!*
- **Porma ng bibig:** *Ang porma ng ating bibig ay bahagyang nakabuka at para tayong umiinom ng tubig.*
- **Paggamit ng larawan:** Magpakita ng mga larawan/*flash cards* ng mga salitang nagsisimula sa /g/: **gagamba, galak, galit, gulat, gubat, gamot**

**Pagpapakilala sa Titik NGng**

- **Pangalan:** *Ito ang titik NGng, dalawa ang titik na ito at laging magkasama: N at G.*
- **Pagsulat:** *Kaya kapag isusulat, lagi silang magkasama: Ito ang malaking "NG," at ito ang maliit na "ng."*
- **Tunog:** *Ang tunog ng titik NG ay /ng/ tulad ng ng-ng-ngipin o ng-ng-nguya*
- **Porma ng bibig.** *Ang porma ng ating bibig ay bahagyang nakabuka at para tayong umiinom ng tubig.*
- **Paggamit ng larawan.** Magpakita ng mga larawan/*flash cards* ng mga salitang nagsisimula sa /ng/: **ngipin, nguya, ngabngab**

## Pagsasanay

**Pagsusulat ng Uu**
Maaaring sanayin ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng titik gamit ang *air writing, palm writing,* o gamitin ang Learner's Workbook sa p. 36

**Pagkilala sa mga tunog ng G at NG**
Sa p. 36 ng Learner's Workbook, gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga larawan upang masagutan ng tama ang gawain: **ngipin, nginig, nguya, ngiti, gagamba, gansa, gubat, galit, gamot**





## Paglalagom

**Pagbuo ng salita**
Sa Learner's Workbook (p. 37), isusulat ng mga mag-aaral ang nawawalang tunog kung /g/ o /ng/ sa mga salita.

## Pagtitibay sa Bahay

**Galak, Galit, Gulat**
Sa bahay, maaaring pag-usapan ang mga damdamin na pagkagalak, pagkagalit, at pagkagulat. Ikuwento sa pamilya o kaibigan ang mga karanasan na ito. Maaari ding iguhit sa pahina ng Workbook (Pagtitibay sa Bahay, p.37).

# Sesyon 26: Titik Pp at Rr

| Mga Layunin | Kagamitan |
| --- | --- |
| 1. Makilala at matukoy ang titik ng Pp at Rr<br>2. Mabigkas ang tunog ng ng titik ng Gg at Ññ<br>3. Maisulat nang maayos at tama ang malaki at maliit na titik Gg at Ññ<br>4. Makapagbigay ng mga salita na nagsisimula sa tunog ng /g/ at /ñ/<br>5. Makilahok sa masaya at interaktibong gawain upang mapalalim ang kaalaman sa titik G and Ñ | <br>• Flash card: Pp at Rr<br>• Picture word cards for /p/ at /r/<br>• bayong o kahon na may mga gamit sa loob na nagsisimula sa /p/ at /r/<br>• Learner's workbook |

## Pagganyak

**P=Palayok, R-Regalo**

1. Ipakikita ang bayong o kahon (na nakabalot na parang regalo) sa mga mag-aaral.
2. Ipahuhula ng tutor ang laman nito at ikukuwento na sa loob nito ay isang regalo na ibinigay sa kanya sa pamamagitan ng pagsasalarawan nito.
3. Maaaring maglagay ng mga tunay na bagay sa loob ng bayong o kahon na nagsisimula sa /p/ at /r/ tulad ng **pinggan, palayok, relo, rambutan, or rosas.**

**Storytime: "Araw sa Palengke"**
Digital: https://tinyurl.com/ArawPalengke

**Susing salita:** *palengke, palayok, regalo, suki*

Mga (maaaring) tanong:

1. Sino-sino ang tauhan sa ating kwento?
2. Saan nagpunta ang mag-ina?
3. Ano ang bilin ng nanay sa kanya bago pumunta sa palengke? Sumasama ka ba sa inyong kaanak sa palengke?
4. Ano-ano ang mga nakita ng bata sa palengke? Magbigay ng isa at sabihin ang unang tunog nito.
5. Ano ang *regalo* ni nanay sa bata?

Pagkatapos ng pag-uusap sa kuwento, balikan ang mga salitang susi at i-*highlight* ang mga unang titik at tunog nito: P at R upang makonekta sa aralin ng sesyon.

## Pagtalakay

**Awiting Pampasigla**
Ano ang Tunog ng Titik Pp at Rr (Tune of *The Wheels on the Bus)*

**Pagpapakilala sa Titik Pp**

- **Pangalan:** *Ito ang titik Pp, ang pangalan nila ay Pp*
- **Pagsulat:** *Ito ang malaking P, ito ang maliit na p*
- **Tunog:** *Ang tunog ng Pp ay /p/ tulad ng sa p-p-palengke, o p-p-pinggan*
- **Porma ng bibig.** *Ang porma ng ating bibig ay nakalapat ang mga labi, saka mapuwersang maglalabas ng hangin.*
- **Paggamit ng larawan.** Magpakita ng mga larawan/*flash cards* ng mga salitang nagsisimula sa /p/: **palengke, pinggan, pandesal, puti, pito, pusa**

**Pagpapakilala sa Rr**

- **Pangalan:** *Ito ang titik Rr, ang pangalan ng titik ay Rr*
- **Pagsulat:** *Ito ang malaking R at ito ang maliit na r*
- **Tunog:** *Ang tunog ng titik Rr ay /r/ tulad ng r-r-regalo, r-r-relo, o r-r-rosas*
- **Porma ng bibig.** *Nakabuka ang bibig, ang dila ay nasa itaas ng loob ng bibig saka gagawin natin ang tunog ng mga tigre!*
